Ang Ika-apat na Tatak

Jeffersonville, Indiana USA
March 21, 1963

1 Magandang gabi. Yumuko tayo ngayon sumandali para sa panalangin. Aming mabiyaya at makalangit na Ama, lumalapit kaming muli sa Iyo sa gabing ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus upang pasalamatan Ka sa isa na namang araw. At hinihiling namin ang Iyong mga pagpapala sa gawain ngayong gabi. Itulot Mo na pumarito ang Espiritu Santo at ipagkaloob sa amin ang interpretasyon ng mga bagay na ito na masikap naming sinasaliksik. O Diyos, nawa'y maging napakahalaga nito upang magawa naming magkatipon sa Salita sa isang paraan na sa aming paglisan, magawa naming sabihin "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso samantalang nangungusap Siya sa atin sa daan."

Pinasasalamatan Ka namin sa ginampanan Niya sa amin at kami'y nagtitiwalang patuloy Niya kaming sasamahan samantalang kami ay naglalakbay, hinihiling namin ang bagay na ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

2 Masayang masaya ako na makabalik muli sa gawain sa bahay ng Panginoon ngayong gabi. At tayo—tayo ay nagagalak... Masayang masaya ako na... Akala ko lang ang isang ito ay hindi mangyayari, ngunit sa huli ay nangyari rin. Kaya nga labis akong nagpapasalamat, dahil ito ang huli sa apat na mangangabayo, na sa aking palagay ay isa sa pinakamahalagang mensahe sa Iglesia sa panahong ito...

Hindi ko alam kung ano iyong isa. Inaaraw-araw ko lamang ito. Kung papaano Niya inihahayag, sinisikap kong ibahagi ito kung papaano Niya ipinagkakaloob sa akin.

Nasisiyahan ba kayo sa mga pagpapala? Napansin ba ninyo kung paano ito lumakip sa mga kapanahunan ng iglesia at umakma nang eksaktung eksakto.

Ganiyan ito... Sa akin, ipinapakita nito na ang Espiritu Santo na nagkaloob ng mga kapanuhan ng iglesia, ay siya ring Espritu Santo na nagkakaloob nito (Kita n'yo?), 'pagkat naglakip-lakip ang mga ito, isang malaking pagganap ng Diyos na nagpapamalas ng Kaniyang Sarili sa iba't ibang kaparaanan.

3 Pansinin n'yo, nung ipakita Niya ang Kaniyang Sarili kay Daniel sa pangitain, nagkaroon ng representasyon ng isang bagay, tulad ng isang kambing sa dakong ito, o marahil ay isang puno, at sa kasunod naman ay naging isang estatuwa, at mga bagay-bagay na pinatutungkol Niya sa iisang bagay. Para lang matiyak na ito'y mauunawaan natin.

otoong nagalak ako kanina nang kausap ko ang isang otsenta'y singko anyos na babaeng nakaupo rito kanina, at siya... Hindi pa gasinong... Bago pa man ako tumulak patungong kanluran, aba'y may isang batang babae doon sa Ohio yata iyon, na malapit nang mamatay dahil sa malalang leukemia. Ngayon, ang leukemia ay kanser sa dugo. At, oh, ang munting batang iyon, kalunuslunos ang kalagayan niya at wala na siyang kapag-a-pag-asa. Pinadadaan na lamang sa ugat ang pagkain niya—ang operasyon.

At napakahirap ng buhay ng kaniyang pamilya. At sila... Sina Gng. Kidd, narito sila, at—at Brother Kidd, ipinatotoo nila sa kanila ang tungkol sa Panginoon na tumutugon sa panalangin, at nagsama-sama sila, sa palagay ko ay mayroon silang inupahan upang dalhin dito ang batang babaeng iyon.

4 At napakaganda niyang bata, nasa anim o pitong taong gulang—o siyam na taon. At—at naroon siya sa loob ng silid, at—at nung lumapit kami sa Panginoon, nangusap ang Espiritu Santo sa kaniya. At kinailangan nila siyang kunin upang pakainin, alam n'yo na, sa ganung paraan, at nung paalis na siya, humingi siya ng hamburger, at kumain na siya sa kaniyang bibig. At bingyan nila siya ng hamburger at tinuloy na nilang pakanin siya nang natural.

Sa maikling panahon, pagkalipas ng ilang araw, ibinalik nila siya sa duktor, at—at sadyang hindi iyon maunawaan ng duktor. Ang sabi niya ay ibang bata na iyon. Ang sabi niya, "Aba, wala nang kabakas-bakas ng leukemia." Kaya... At malapit na siyang mamatay noon. Sumuko na nga sila sa kaniya, sa ugat na lang nila siya pinapakain.

Siya'y naninilaw na noon (Alam ninyo ang nagiging kalagayan nila.) kaya nga sila'y... Ngunit ngayon nag-aaral na siya at nakikipaglaro sa ibang mga bata, masayang masaya na siya.

5 Nagpaalala iyon sa akin ng isang katulad na kaso. Isang araw kauuwi ko lang; may isang... Kundi ako nagkakamali, mga Episcopalian o Presbyterian ang nagdala ng isang batang babae mula sa Kansas, tinanggihan na siya ng mga duktor dahil sa leukemia, at tinaningan nila siya, sa paniwala ko, ng apat na araw para mabuhay.

6 Lubha na siyang lumalala kaya ang sabi na lamang nila... Gugulin na lamang ang apat na araw na iyon sa pagparito at suungin ang pag-ulan ng niyebe at ibang mga bagay upang maipanalangin siya. At ang lolo niya, isang napakatikas na may edad nang lalaki at puti na ang buhok... At dalawang araw na nila siyang pinamamalagi dito sa isang maliit na motel (sa palagay ko'y wala na iyon doon ngayon), sa gawing ito ng Silver Creek. At nagtungo ako doon nung gabing iyon upang ipanalangin siya.

Maagang maaga iyon. Kararating ko lamang nung gabing iyon mula sa ibang bayan nang magpunta ako ro'n. At palakad lakad ang lolo niya sa pasilyo samantalang ang ina naman ang siyang nag-aasikaso sa bata. At habang nakaluhod ako sa pananalangin, may ipinahayag ang Espiritu Santo sa akin na isang lihim sa pagitan ng ina at ng ama, isang bagay na kanilang ginawa. Tinawag ko sila sa isang tabi at tinanong ko sila tungkol sa bagay na ito. Napaiyak sila, ang sabi, "Tama 'yan."

Pagktapos nito ay lumingon ako, at nakita ko ang batang babae na nagluluksong-lubid, naglalaro na siya. At ngayon, ang batang iyon... Sa loob lamang ng mga tatlong lingo pinadalhan nila ako ng litrato ng batang babaeng iyon na nakabalik na sa eskuwela, nagluluksong-lubid, at wala na siyang leukemia.

Ngayon, ngayon, ang mga patotoong iyon ay tunay na tunay (Kita n'yo?); kaya't napakatunay talaga ng ating Diyos na atin nga Siyang paglingkuran at sasampalatayanan, at alam kong Siya ay tunay.

7 Ngayon, nagsisikap ako ngayon nang husto, at samantalang sa kalooban natin ay may isang bagay na nais makalabas...

At ngayon, sisikapin natin sa gabing ito, sa biyaya ng Diyos, na talakayin ang Ikaapat na Tatak na ito at tingnan natin kung ano ang sasabihin dito sa atin ng Espiritu Santo.

Ngayon, babasahin ko ang—ang ikaanim na kabanata ng Apocalipsis simula sa ikapitong talata (Ikapito at ikalwalo); dalawang talata palagi. Ang una ay ang anunsiyo, at ang ikalawa ay kung ano ang nakita niya.

At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika.

At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputla: at ang naka—nakasakay dito... ay—ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa... kaniya. At siya'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng... ng mga ganid na hayop sa lupa.

Ngayon, tulungan nawa tayo ng Panginoon upang maunawaan natin ang bagay na ito. Ito'y isang hiwaga.

8 Ngayon, magbalik-aral lang tayo ng kaunti, tulad ng ginawa natin sa mga kapanahunan ng iglesia—ang mga mangangabayong ito at ang pagbubukas ng mga Tatak na ito... Ngayon, isaisip lamang natin ito, mag-usap tayo ng kaunti hanggang sa maramdaman natin na napapanahon na upang tayo ay mangusap.

Ngayon, napuna natin sa pagbubukas ng Tatak, na ito'y ang selyadong Aklat ng Katubusan. At ang Aklat ay nakarolyo tulad sa isang scroll nung unang panahon. Hindi ito katulad ng aklat na ito, 'pagkat nito na lamang ito dumating, ang mga aklat na tulad nito, oh, sa wari ko'y nitong nakaraang sandaan at limampung taon o higit pa, mga dalawandaang taon. At nirorolyo nila ito, pagkatapos ay iniiwan nilag nakaladlad ang dulo.

Tulad ng sinabi ko sa inyo kung paano ito ginagawa, at masusumpungan natin ito sa mga Kasulatan, sa Jeremias at iba pa.

Pagkatapos ay irorolyo naman ang kasunod at hahayaang nakaladlad and dulo na ganiyan, at ang bawat isa ay may Tatak, at iyon ay isang Aklat na may pitong tatak. At iyon ay... Walang sinuman... Nung sila ay... Iyon ay isang Aklat ng Katubusan na may pitong tatak. Pagpaumanhinan n'yo ako.

9 At walang sinuman sa langit o sa lupa maging sa ilalim ng lupa ang karapatdapat na magbukas nito ni tumingin man lamang. At tumangis si Juan dahil wala siyang tao na masumpungan, sapagkat kung ang Aklat na ito ay hindi nakuha sa sa kamay ng Orihinal na may-ari, nung maiwala ito nina Adan at Eva, at naibalik iyon nang isuko nila ang kanilang mga karapatan sa Salita, sa mga pangako, sa kanilang mana...

Sila'y... Alalahanin n'yo, kontrolado nila noon ang mundo. Siya ay isang—siya ay isang maliit na diyos, sapagkat anak siya ng Diyos, at ang isang anak ng Diyos ay isang maliit na diyos. Ngayon, hindi iyan salungat sa Kasulatan. Batid kong kakaiba iyan kung pakinggan, ngunit ang sabi ni Jesus, "Kung tinatawag n'yong mga diyos ang mga dinaratnan ng Salita ng Diyos na..." At kanino ba dumarating ang Salita ng Diyos? Sa propeta. "Kung tinatawag n'yong mga diyos, ang mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, paano n'yo Ako magagawang sumbatan kung sabihin Ko man na Ako'y Anak ng Diyos?" Kita n'yo?

10 At ngayon, sila'y mga diyos. At alam n'yo, kapag ipinanganak kang taglay ang apelyido ng iyong pamilya ikaw ay isang anak at bahagi ng iyong ama.

At nang pumasok ang kasalanan, nakita nating tinawid ng tao ang bangin, at ang dugo ng mga baka at mga kambing ay nagtakip, subalit hindi nag-alis, hanggang sa dumating ang tunay na Clorox na nakapag-aalis ng mantsa ng kasalanan upang lubusan itong madurog at bumalik sa nambaluktot dito

nung pasimula; iyon ay si Satanas.

Pagbalik nito kay Satanas, hihintayin niya ang panahon ng kaniyang eternal na pagkalaho. Ngayon, ipinapakita niyan kung anong pinaniniwalaan natin.

Naniniwala tayo na siya ay lubusang magwawakas at maglalaho.

11 Naniniwala ako na madudurog ang kasalanan, at kapag ito ay ikinumpisal batay sa Dugo ni Jesus Cristo (Katulad ito ng pagpapatak ng ng itim na tinta sa Clorox), naghihiwa-hiwalay ang mga kemikal nito at naibabalik sa pinanggalingan. Kita n'yo?

At ganiyan ang ginagawa ng Dugo ni Jesus Cristo. Sa gayon ang isang tao ay muling nakakatawid sa bangin pabalik sa muling pagiging anak ng Diyos. Kita n'yo? At—at siya ay nagiging isang... Aba, siya'y isang... Ang kapangyarihang lumikha ng Diyos ay nasa kaniya, at sa tuwing ipag-uutos ng Diyos na ito'y gumana, mangyayari ito. At tayo ay naipapanumbalik.

12 Si Moises, sa ilalim ng dugo ng mga baka... At nung makita niya ang Liwanag na iyon, ang Haliging Apoy sa palumpong na iyon, at tumayo siya roon sa atas na ibinigay sa kaniya ng Diyos, at isa siyang propeta; at nung dumating sa kaniya ang Salita ng Panginoon, nangusap siya at maging ang iba't ibang mga bagay ay nalikha sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo?

At ngayon, kung magagawa mo iyon sa ilalim ng dugo ng mga baka, ano pa kaya sa Dugo ni Jesus? Hindi lamang tinakpan, kundi ganap na pinatawad; at ikaw ay nakatayo sa Presensya ng Diyos bilang isang tinubos na anak.

Ngayon, kita n'yo, ang iglesia ay masyado nang malayo sa pamantayan ng pamumuhay nito. At sa aking palagay kalimitan ay nagsisiyasat tayo sa halip na ganap nating harapin ang isang usapin. May isang bagay akong nais na sabihin, at gagawin ko iyon sa panahong ito.

13 At ngayon, mapapansin ninyo na may bagay na mali sa mga iglesia. At sa palagay ko ang mga makadenominasyong sistema ang pumilipit sa kaisipan ng mga tao at iba pa hanggang sa hindi na nila malaman kung paano iyon gagawin. Tama. Subalit pinangakuan tayo na ito ay maihahayag.

At ngayon, ang Pitong Tatak na ito na ipinangselyo sa Aklat... Ngayon... At nang maganap na ang pitong tatak na ito, nalaman natin sa Apocalipsis 10 na may pitong mahiwagang kulog na ipinasulat kay Juan subalit nung huli ay pinigilan siya.

At sa panahon ng mga kulog na iyon nalaman natin na si Cristo, o ang Anghel ay bumaba na may taglay na bahaghari, at itinungtong ang paa Niya sa lupa at sa dagat at sumumpa na ang panahon ay naubos na nung oras na iyon.

14 At pagkatapos ay nalaman nating sa paghahayag ng mga Tatak ay nilisan na ng Kordero ang Kaniyang gampanin bilang isang Tagapamagitan at Siya ay lumabas upang kunin ang Kaniyang mga karapatan, ang lahat ng Kaniyang tinubos sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan.

At ang... Walang sinumang maaaring magbukas ng Aklat; walang sinumang nakauunawa Nito. Ito ay isang Aklat ng Katubusan, at hawak ito ng Diyos, ng Ama, ng Espiritu, sapagkat si Cristo ay nasa luklukan bilang isang Tagapamagitan, ang nag-iisang Tagapamagitan. Samakatuwid, walang sinumang santo, walang Maria, walang Jose, walang sinupaman sa altar na iyon sapagkat ang Dugo, at tanging ang dugo lamang ni Jesus ang maaaring makatubos. Kaya hindi maaaring tumayo ang sinuman upang maging isang tagapamagitan. Tama. Wala nang iba pa.

15 Kaya ang lahat ng ideya ng pamamagitan ni Judas sa pulitka at ang pamamagitan ni Santa Cecilia sa iba pa ay walang saysay. Hindi iyan... Hindi ko sinasabing ang mga taong iyon ay hindi tapat at sinsero. Hindi ko sinasabing hindi kayo sinsero kapag ganagawa n'yo 'yon subalit nagkakamali kayo. Sinsero kayo sa inyong pagkakamali. At anumang...

Ang sabi nila, “Aba, ang anghel na ito ay nagpakita kay Saint Boniface at ang sabi ay ganito, ganun, at iba pa at maaari nilang sabihin ang ganito.”

Hindi ako nagdududa kaunti man na nakakita nga ng pangitain ang isang tao. Hindi ako nagdududang nakakita nga ng pangitain si Joseph Smith, lamang ay hindi ito ayon sa Salita. Samakatuwid, para sa akin ay mali 'yon. Kita n'yo? Dapat ay umakma ito sa buong Salita.

16 Ganiyan ang mga kapanahunan ng iglesia at ang mga Tatak at ang lahat ng iba pa. At kung iniisip ninumang taglay niya ang pitong kulog na iyon, kung hindi naman umaakma sa buong Salita, mayroong mali dito. Kita n'yo? Kinakailangang humantong ito sa ITO ANG SABI NG PANGINOON, sapagkat ito ang Aklat; ito ang kabuuan ng kapahayagan ni Jesus Cristo.

Ngayon, naniniwala akong lumabas ang Cordero. Hindi nila ito nalaman... Tumatangis si Juan. Wala

kasi siyang masumpungan sa langit at sa lupa 'pagkat ang lahat ay nasa kabilang banda ng bangin (Kita n'yo?): kasalanan.

17 Walang sinumang tao; at ang isang Anghel, oo nga't magiging karapatdapat siya, gayon man, ang kinakailangan ay ay isang kalahi, kailangan isang tao siya, at wala ngang gayon, 'pagkat ang lahat ay ipinanganak sa pamamagitan ng sex. Kinakailangan ang Isang ipinanganak nang walang ganun, kaya ang Diyos Mismo ang gumanap niyon sa pamamagitan ng isang birhen at Siya ay naging Emanuel, at ang Dugo Niya ay para—ang Isang iyon ang karapatdapat.

At nang Siya Mismo ang tumawid sa banging ito at nagbayad ng halaga at gumawa ng tulay para sa atin, lumuklok Siya bilang Tagapamagitan, at magmula noon ay nakaluklok Siya roon. At sa buong panahong iyon ay nakapinid ang Aklat. Naroroon na iyon, subalit iyon ay nasa anyo pa rin ng mga simbulo. Nakita nila 'yon.

18 Maging si Juan ay nakita rin iyon, nung ianunsyo ang paglabas niyaong una. Ang sabi Niya, "Isang kabayong puti ang lumabas. May isang nakasakay sa kaniya, may hawak na busog." Isa iyong simbulo. Hindi pa iyon nahahayag noon. Kita n'yo? Hindi pa, simbulo pa lamang iyon. Sa kaninumang tao sa ibabaw ng lupa, iyon lang ang maaari niyang sabihin. Tama.

Maaari siyang magpatiyamba-tiyamba, walang alinlangan na tatama siya dito at doon ngunit pagkatapos niyon... Subalit nalaman natin na sa Aklat ng Apocalipsis sa mensahe ng Ikapitong anghel, ang mga hiwaga, lahat ng mga hiwaga nito, ay dapat nang mahayag sa panahong iyon (Iyon ay nasa Apocalipsis 10:1-7.), na iyon ay dapat nang mahayag sa panahong iyon kung kailan ay inahayag na nga Niya.

At nangusap ang pitong kulog ng kanilang kakaibang mga tinig, at isusulat sana ni Juan... Ito ay... Nalaman ni Juan kung ano iyon, ngunit hindi niya ito isinulat, 'pagkat pinagbawalan siyang isulat iyon. Iyon ay isang ganap na hiwaga. Ni wala nga ito sa anyo ng simbulo o anuman. Ang nalalaman lamang natin—ay kumulog; iyon lang.

19 At ngayon, sa pagaaral natin nito... Ngayon, huwag ninyong kalilimutan... Na sa Linggo, o sa Linggo ng umaga ay inalis na natin ang healing service dahil sasagutin natin ang mga katanungan ng mga tao. Ngayon, kung... Nais kong magtanong kayo tungkol sa Pitong Tatak na ito, kung nakababagabag sa inyo, o may isang bagay na hindi ninyo maunawaan. Patungkol sa Pitong Tatak ang itanong natin, at masasabi ko sa inyo sa Sabado ng gabi kung sapat na ang mga katanungan para masagot natin o hindi. Nauunawaan n'yo ba? At inyo lamang... Ngayon, sabihin na lang natin... Buweno, hinggil sa ibang bagay, o "Dapat ko bang gawin ang ganito?" o—o "Ang aking... nagkaroon ako ng isang panaginip." Ang mga iyon ay mahahalagang bagay, tandaan n'yo. Mahahalaga ang mga iyon, ngunit manatili tayo sa Pitong Tatak; doon tayo nakatutok. Doon nakatalaga ang pagtitipong ito: sa Pitong Tatak. Manatili tayo riyan.

20 Kailangan kong umuwi, kailangan kong magdaos ng ilang mga gawain sa kanluran. Pagkatapos ay babalik ako muli matapos ang isa o dalawang buwan o mga ganun, at marahil ay ipahihintulot ng Panginoon na tayo ay makapagdaos ng iba pang bagay sa panahong iyon—marahil ay healing service o isang bagay o kung anuman iyon. Pagkatapos ay mayroon pa tayong pitong trumpetang darating. Kita n'yo? At lahat ng mga iyon ay papasok din do'n, at ang pitong mangkok (Kita n'yo?) na ibubuhos, kaya't... At lahat ng iyon ay lalahok dito, ngunit ang lahat ay mahiwaga pa.

Ngayon, kagabi nalaman natin na nang lumabas ang Unang Tatak, at ang mangagabayo at ang Panginoon...

Tulungan nawa ako, hindi ko alam iyon dati; wala akong alam sa mga bagay na ito ko dati. Tama.

At sadyang hindi ako—umaakyat lang ako do'n at kinukuha ang Biblia at umuupo hanggang sa... Kapag ito ay nahahayag nang ganiyan, kinukuha ko lang ang aking panulat at nagsisimula akong sumulat (Kita n'yo?), at mananatili ako ro'n, marahil sa loob ng maraming oras, hanggang sa iyon ay matapos.

21 Pagkatapos ay binabalikan ko, at hinahanap ko kung saan ko nakikitang sinabi Niya ang ganito... Naiisip ko, "Buweno, parang nakita ko iyon sa isang dako." Kinukuha ko ang aking concordance, binabalikan ko (Mayroon bang ganun?) at heto nga. At pagkatapos ay narito 'yon ulit; heto 'yon dito at ganund din dito at doon. At pagkatapos ay idinudugtong ko iyon. Alam ko na ang Diyos iyon habang iyon ay nagkakatugma-tugma sa mga Kasulatan. Ganun iyon dapat. Tulad ng pagbubuo ng isang gusali, kailangang maglapat ang mga bato sa isa't isa.

22 Ngayon, kagabi ay tinalakay natin ang pagbubukas ng Ikatlong Tatak. Ang una ay isang kabayong puti, at ang sumunod ay isang kabayong pula, at pagkatapos ay isang kabayong itim. At nalaman nating ang mga mangangabayo ay iisa lang sa buong panahong iyon, at iyon ay ang anticristo sa pasimula pa lamang. Wala siyang putong nung pasimula, ngunit paglaon ay tumanggap siya ng putong. At nalaman nating binigyan siya ng isang tabak upang mag-alis ng kapayapaan sa lupa, at nalaman nating iyon nga ay ginawa niya.

23 Pagkatapos ay dumating siya taglay ang mga katuruan ng pagbibigay ng pera sa iglesia sa pamamagitan ng pagtitimbang ng singhalaga ng denario para sa ganito at dalawang denario para sa ganun, ngunit siya ay pinagbawalang salingin ang langis at ang alak, na kakaunti na lamang ang natitira.

At pagkatapos ay tumigil tayo kagabi sa paglalarawan ng kung ano ba ang langis at alak at ang mga epekto niyon. At tayo'y... Marahil ay medyo magaspang iyon kung pakinggan, ngunit iyon nga talaga ang Katotohanan. Kita n'yo?

At ngayon, anopa't hindi ko sinusubukang hugutin bawat Kasulatang naroroon, at may mga bagay na ni hindi mo maaaring ipangusap; masyadong matakaw sa oras. Ngunit sinisikap kong maglatag dito ng mga Kasulatan at iba pa na sapat lang upang magpaalam at magpakita sa mga tao ng larawan nito.

Ngunit kung uupuan mo ang isa sa mga Tatak na iyon, aba'y, naku, maaari kang kumuha ng isang buwang sermon bawat gabi tungkol sa Tatak na iyon at hindi mo pa rin iyon nasasaling (Kita n'yo?), sa isa lang sa mga iyon. At ganun kasiksik iyon. Ngunit tinatalakay ko lang ang mahahalagang bahagi niyon, pagkatapos ay maaari n'yo nang makita kung saan patungkol ang kabuuan nito.

24 Ngayon, kung papaanong ang langis ay sumisimbulo sa Espiritu Santo... At nalaman nating ang langis at ang alak ay kunektado sa pagsamba (Kita n'yo?), kunektado ito sa tuwina sa pagsamba. At ang alak, ang sabi ko (at ito'y dumating sa akin) ay sumisimbulo sa kapangyarihan ng—ito ay ang kapangyarihan ng estimulasyon na hatid ng kapahayagan. Kita n'yo? At iyon ay kapag may isang bagay na nahayag.

Nagbibigay ito ng estimulasyon sa isang mananampalataya, sapagkat ito ay ipinaabot sa pamamagitan ng kapahayagan. Kita n'yo? Ito'y isang bagay na sinabi ng Diyos; isa itong hiwaga. Hindi nila ito maunawaan. Kita n'yo? At pagkatapos ay bababa ang Diyos upang ito ay ihayag at ibindika.

25 Alalahanin n'yo, kung ang Katotohanan ay inihahayag, ang Katotohanan ay binibindika rin. Sa tuwina ang Diyos ay... Gaano man katalino ang tao, gaano man siya karunong sa kaniyang pag-iisip, kung hindi pinagtitibay ng Diyos ang kaniyang sinasabi, mayroong mali. Tama, dahil iyon ay ang Salita.

Ngayon, nang si Moises ay lumabas sa silong ng inspirasyon ng Diyos at nagsabi, "Magkaroon ng mga langaw," nagdatingan ang mga langaw. Ang sabi niya, "Magkaroon ng mga palaka"; nagdatingan ang mga palaka. Kita n'yo, ano kaya kung sinabi niya,

"Magkaroon ng mga langaw," at hindi nagsidating ang mga iyon? Kita n'yo? Kung gayo'y hindi Salita ng Panginoon ang ipinangusap niya (Kita n'yo?); sariling salita niya lang ang kaniyang ipinangusap.

Marahil ay naisip niyang dapat magkaroon ng mga langaw, ngunit walang dumating na mga langaw dahil hindi naman sinabi sa kaniya ng Diyos. At kapag nagsabi ang Diyos sa iyo ng anumang bagay at sinabi Niyang, "Humayo ka't gawin mo ang ganito, at sasamahan Ko iyon sapagkat ito ay Salita ko," at ipinapakita Niya ito sa Biblia, kung gayo'y nakatayo ang Diyos sa likuran niyon.

At kung hindi ito nakasulat sa Biblia, nakatayo pa rin ang Diyos sa likuran nito, kung ito ay Salita ng Diyos. Kita n'yo? At kung ito'y hindi nakapaloob do'n, ipinahahayag ito sa mga propeta. Nauunawaaan nating ipinahahayag sa mga propeta ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos at tanging sa kanila lamang (Kita n'yo?), Amos 3:7.

26 Ngayon, ngayon, naghahatid ng estimulasyon sa mananampalataya ang kapangyarihan ng kapahayagan, sapagkat ang kapangyarihan ng alak, ng natural na alak ay naghahatid ng estimulasyon. Kita n'yo? Ito'y nagpapasigla sa isang taong nanlalata. Kita n'yo, kita n'yo? Buweno kung ganun, may kapangyarihan ang kapahayagan ng Salita na nagbibigay ng estimulasyon ng kagalakan sa mananamapalataya, estimulasyon gawa ng kakuntentuhan, estimulasyon dahil ito'y binindika, ito'y napatunayan. Ang tawag dito sa Kasulatan, tulad ng nais nating itawag dito, ay bagong alak. Palagi nating sinasabing "Ang mga ito ay lasing sa bagong alak," (Kita n'yo?), tama, o sa espirituwal na alak. Sa palagay ko ang pinakamainam na pakahulugan ay sa espirituwal na alak.

27 Kung papaanong ipinahahayag ng natural na alak ang sarili nito sa pinasiglang lakas, gayon din ang bagong alak habang ipinahahayag nito ang Salita ng Diyos na Espiritu. Ngayon, iyon ang—iyon ang... Kita n'yo? Ang Salita mismo ay Espiritu. Naniniwala ba kayo riyan? Basahin natin. Basahin natin. San Juan 6, gawin lang nating... Inyong... Kung magkagayo'y inyong—kung magkagayo'y hindi n'yo sasabihin, "Buweno, ako'y... May kung sinong nagsabi niyan." Tignan natin kung Sinong nagsabi nito, at kung magkagayo'y malalaman natin kung ito ba'y Totoo o hindi. Ika-6 na kabanata ng San Juan, at—ika-6 na kabanata at sa wari ko'y sa ika-60—ika-63 talata. Tama. (Wari ko'y iyon nga.) Oo.

Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang pakinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.

28 Ang Salita Mismo ay Espiritu; ito'y Espiritu sa anyo ng Salita. At, kita n'yo, kapag Ito ay nabigyang-buhay o binuhay, ang Espiritu ng Salita ay gumagawa at kumikilos. Kita n'yo? Dahil iyon ay... Ngayon,

tignan n'yo ito: Ang isang kaisipan ay dapat maging isang kaisipan muna bago ito maging salita. At kapag ang kaisipan ay naiprisinta, ito ay isa nang salita.

Ngayon, kaisipan ito ng Diyos na inilagay Niya sa Salita, at kapag natanggap natin ito mula sa Kaniya, ito'y nagiging Salita.

Ipinahayag ng Diyos kay Moises kung ano'ng dapat gawin. Binigkas ito ni Moises, at ito'y naganap. Kita n'yo? Iyon na 'yon, kapag talagang nanggaling ito sa Diyos...

Ngayon, nalaman nating ito'y nagbibigay ng kasiglahan, at ito'y nagbibigay ng kagalakan, sapagkat ito ay Salita ng Diyos, at ang bagong alak—nagbibigay-sigla ang bagong alak sa—kapag ipinahahayag nito ang Salita; at minsan ay naghahatid ito ng di masukat na kagalakan (Dinaanan na natin 'yan.), gayon na lamang ang hatid nitong kagalakan na tayo ay inaapawan.

29 Ngayon, alam kong maraming panatisismo at mga taong nagwawala. Alam kong minsan ay ginagawa nila iyon kapag ang tugtog ay palundag-lundag at lahat na. At alam kong bahagi 'yon, at naniniwala rin ako ro'n. Nakakita na ako ng mga tao sa araw na ito na habang may tugtog, ang lahat ay nagtatalunan at nagsisigawan, ngunit kapag huminto ang tugtog, humihinto rin sila. Kita n'yo? Naniniwala ako... Buweno, ayos pa rin iyon, kung sa akin lang (Kita n'yo?), basta't nabubuhay lang ang mga tao nang tama at... Ngunit ngayon, anong...

Kapag sinimulan mo nang maghatid ng Salita. Ngayon, sa totoo lang iyon ang naghahatid ng Buhay, ang Salita, at iyon ang naghahatid ng kagalakan ng estimulasyon ng bagong alak. Kita n'yo? Iyon ay... At iyon ang naganap sa Pentecostes nang mabindika ang Salita.

30 Ngayon, tignan n'yo. Ngayon, sinabi sa kanila ni Jesus (Lukas 24:29), "Narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwa't magsipanatili kayo sa Jerusalem at maghintay kayo hanggang..." Ano ang pangako ng Ama? Joel 2:28, aba'y, nalaman natin na Kaniyang ibubuhos ang Espiritu. Sa Isaias 28:19, kung papaanong magkakaroon daw ng pautal-utal na pangungusap at iba't ibang wika at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Umakyat sila ro'n, at dinaanan na natin iyon...

Marahil may isang nagsabi, "Aba, sa wari ko'y sapat na ang haba ng ating pinaghintay. Tanggapin na lang natin iyon sa pamamagitan ng pananampalataya." Katuruan iyon ng Baptist, ngunit hindi iyon umubra sa mga kapatid na iyon. Kaya't kamuka't mukat mo, kinailangang iyon ay maging isang realidad, at sila'y naghintay sa kanilang ministeryo para mabindika ang Salita. At kapag ikaw ay lumapit na naghahanap ng Espiritu Santo, ganun din gawin mo.

Oo, maaari mo itong tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya; kailangan mong tanggapin si Crisot sa pamamagitan ng pananampalataya; tama nga iyon. At tinatanggap mo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit hayaan mong dumating ang Espiritu Santo upang magbigay ng pagtutuli bilang saksi na tinanggap Niya ang iyong pananampalataya. Nakikita n'yo ba? Kung gayon...

31 Kita n'yo, sumampalataya si Abraham at ibinilang iyon sa kaniya bilang katuwiran, ngunit binigyan siya ng Diyos ng tanda ng pagtutuli bilang kumpirmasyon na tinanggap Niya ang kaniyang pananamapalataya. Kaya't ganun din ang dapat nating gawin.

Kailangan nating maghintay sa Espiritu Santo hanggang sa Iyon ay makagawa ng isang bagay, hindi porke nagsalita tayo ng iba't ibang wika, hindi dahil tayo ay sumayaw, o tayo'y naging emosyonal, tayo'y sumigaw: hanggang sa tayo ay mabago, hanggang sa mayroon talagang nangyari. Hindi mahalaga sa akin kung sa anumang anyo ito dumating, basta't ito ay mangyari; iyon ang mahalaga. Kita n'yo?

32 At naniniwala ako sa pagsasalita sa iba't ibang wika at sa lahat ng iba pang bagay na ito, ngunit kung iyon lang hindi ito uubra, at alam n'yong di ito uubra. Kaya't hindi iyon nakukuha do'n. Nakakita na ako ng mga mangkukulam na nagsasalita ng iba't ibang wika, nakakita na ako ng mga manghuhula na nagsasalita ng iba't ibang wika at nagsasayaw sa espiritu. Kita n'yo? Tunay nga. Naglalapag sila ng lapis at ito ay nagsusulat ng iba't ibang wika at may isang nagpapaliwanag (Kita n'yo? Tama.) at nagsasabi ng totoo. Tama. Isinulat nang eksakto kung anong nangyari, at ganung ganun nga talaga.

Nakita ko silang nagsasaboy ng abo sa kanilang ulo, at hinihiwa ang kanilang sarili ng kutsilyo, at tinatakpan ito ng dugo ng mabangis na hayop o ng kung anong bagay at—tunay nga (Kita n'yo?), pagkatapos ay tumatawag sa diablo. A-ha, kita n'yo? Nauunawaan n'yo ba, iyo ay hindi... Hindi iyon nakukuha sa pagsasalita ng iba't ibang wika.

"Bagama't magsalita ako ng wika ng mga tao at mga anghel at wala naman akong pag-ibig, wala iyong pakinabang sa akin." Kita n'yo? Bagama't iyon ay kaya kong gawin. Kita n'yo? Kaya't ang mga bagay na iyon ay di nangahuhulugang taglay mo na ang Espritu Santo. Ngunit kapag Siya, ang Persona, ang imortal na Espiritu ni Cristo ay naging personal mong Tagapagligtas, at binago ka, at ibinaling ang iyong paningin sa Kalbaryo, sa Salitang ito, mayroon nang nangyari. Opo. Mayroon nang nangyari. Walang kailangang magsabi sa'yo nito; malalaman mo ito kapag ito'y nangyari.

33 At kapag naghatid ng kapahayagan ang bagong alak, kung magkagayo'y hayag na ito, at ganun ang nangyari sa Pentecostes. Alam nilang may nakatakdang mabuhos na Espiritu sa kanila, at sila'y naghintay hanggang sa ito ay maganap. At nang maganap ang bindikasyon ng kapahayagan, ang estimulasyon ay napasa kanila.

Tunay ngang nagkagayon sila. Umusok rin sila. Sila'y... Nagsiparoon sila sa mga lansangan samantalang takot sila nung una at isinara nila ang mga pintuan, at naglabasan sila sa mga lansangan.

Dating takot sila sa grupo ng mga tao, ngayo'y pinangagaralan nila sila ng Ebanghelyo. Tama. Kita n'yo? Mayroong nangyari, sapagkat ang totoong Salita ng pangako ay nabindika. Ngayon, huminto tayo rito...?...

34 Kung gayon kapositibo ang hinatid niyon sa mga taong halos lahat ay nagselyo ng kanilang dugo sa kanilang patotoo... Anuman ang dumating, habang sila'y nabubuhay hindi na sila nakaalpas pa do'n. Nanatili iyon do'n, sapagkat iyon ay ang tunay na Salita ng pangakong binindika. Ang kapahayagan ay nabindika, at sinelyuhan nila sa kanilang kamatayan ng kanilang sariling dugo ang kanilang patotoo.

Ngayon, tignan n'yo ang pangako ng huling mga araw. At nakikita natin itong nabibindika sa ating harapan, ang kasalukuyang pagdating ng Espiritu Santo at ang mga gawang nakatakda Niyang gawin, ay nakikita natin sa kalagitnaan mismo natin. Kita n'yo?

Oh, tapat nating... Ay, naku. Ngayon, papaano natin naririnig? Mayroong nangyayari; sinasabi ko sa iyo, kaibigan. Kapag tinamaan ng Liwanag ang binhing iyon sa tunay, totoo, at sinserong predestinadong mananampalataya, may kung anong nailuluwal sa isang bagong Buhay.

35 Ang babae sa balon, nang sabihin ng mga iskolar na mga saserdoteng iyon, "Buweno, ang diablo iyon. Siya'y isang manghuhula. Sinasabi niya sa mga taong iyon ang kanilang kapalaran, at siya'y isang diablo." Ngunit nang ang babaeng iyon na may nakatalagang binhi...

Ngayon, akala n'yo hindi tama iyon, ngunit ang sabi ni Jesus, "Walang makalalapit malibang palapitin siya ng Aking Ama, at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit."

At magagawa ng anticristo sa huling mga araw na... Pinag-aaralan natin ang anticristong espiritung iyon na nasa denominasyonalismo, at napatunayan nating ang denominasyonalismo ay anticristo...

36 Ngayon, maging tapat kayo. Sinumang taong magawang umalis dito nang ganun, siya—siya... May mali kung naniniwala pa rin siyang ang makadenominasyong sistema ay hindi anticristo. Aba'y, lubusan nang napatunayan sa kasaysayan, sa lahat ng iba pa, sa kabuuan ng Biblia ng Diyos at lahat na, na ito'y anticristo, at ang Roma ang ulo nito. At ang mga anak ng iglesia ay sumusunod, at kapuwa sila ibubulid sa impiyerno. Tama 'yon.

Kaya't nakikita natin ang bagay na ito, ang espiritu ng anticristo. At ang araw na kinabubuhayan natin, at, aba'y, dapat itong maghatid ng kagalakang di masayod at puspos ng kaluwalhatian.

Pagkatamang-pagkatama niyon sa babaeng iyon, naku, ang binhi ay sumibol...

37 Ngayon, alalahanin n'yong sinasabi ng Biblia na sa mga huling araw dadayain ng anticristong ito ang buong mundo. Mayroon lamang maliit na bilang na ang mga pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan. At kapag tinamaan ng tunay na bindikasyon ng ipinahayag na Katotohanan ng Salita ng Diyos ang pusong iyon, magtutungo siya roon sa tubig, taglay ang Espiritu Santo nang singbilis na makakaya niya, at di mo siya magagawang awatin, sapagkat ang bagong Buhay ay kumilos na.

92 Kausap ko ang isang tao di pa katagalan. Sinusubukan niyang makipagdiskusyon sa akin at ang sabi niya, "Hindi ka ba nahihiyang magsabing nilikha ng Diyos ang langit at lupa sa loob ng tatlong araw—o sa loob ng anim na araw?"

38 Ang sabi ko, "Iyon ang sabi ng Biblia."

Ang sabi niya, "Buweno, mayroon kaming ebidensya at mapapatunayan naming ang mundo ay milyun-milyong taong gulang na."

Ang sabi ko, "Walang kinalaman 'yan do'n. Sa Genesis 1:1, ang sabi, 'Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa,' tuldok. Kita n'yo? Iyon lang. Ngayon, ang mundo ay walang anyo at walang laman." At ang sabi ko, "Naniniwala akong ang bawat binhi ay nakahimlay na roon mula sa ibang sibilisasyon o anuman, at pag-angat na pag-angat ng tubig at tinamaan iyon ng liwanag, nagtubuan ang mga punong kahoy at lahat na."

Ganun din sa tao; isa itong tipo. Kapag nahawi ang lahat ng hamog, at nahayag ang Katotohan sa tunay na binhing nakahimlay do'n na may buhay pa rin, pagkatapos ay maaari itong tamaan ng Liwanag

ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng tunay na bindikasyon ng Salita, ito'y mabubuhay; mayroong Buhay sa loob nito...?... Maliban do'n hindi ito maaaring mabuhay. Wala kasi itong Buhay sa loob nito.

39 Ang mga pangalang nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan ay tiyak na tiyak na sisibol. Kaya nga si Jesus ay nakaupo roon at naghihintay sa Kaniyang pamamagitan hanggang sa huling binhing iyon. Malalaman Niya ang tamang panahon kung kailan dapat mapasilay ng liwanag.

Tulad ni Dr. Lee Vayle... (Wari ko'y nasa pagtitipon pa rin siya; ilang araw ko na siyang di nakikita. Palagay ko'y di ko pa siya nakikita... Heto siya.) Buweno, nung isang araw ipinadala niya sa akin itong tungkol sa sinabi ni Irenaeus. Pinili ko si Irenaeus nang malayung malayo sa iba bilang anghel ng kapanahunang iyon. Siya ang nagsabi ng, "Kapag ang huling bahagi ng Katawan ay nakapasok na sa huling kapanahunang ito, ang bagay na iyon ay mahahayag na sa panahong iyon"; at heto na nga, tamang tama. Kita n'yo? Tayo'y nasa araw na iyon na.

40 Tama, noon higit pa sa kagalakan ang taglay ng Pentecostal. Talagang napasigla sila; sa palagay ko, pasisiglahin niyon ang sinuman. Kunin lang natin sandali; isipin natin si David. Napasigla rin siya nang husto. Ang sabi niya, "Ang aking saro'y inaapawan." Ang ibig kong sabihin ay talagang nakaranas siya ng isang dakilang kaganapan sa kaniyang buhay. Ano'ng dahilan na nagkaganun siya? Nang siya ay mapasa Espiritu... (Sapagkat siya ay isang propeta. Alam nating ganun nga siya. Iyon ang sabi ng Biblia: propeta, David). Ngayon, dahil isa siyang propeta, at siya ay napasa Espiritu, nakita niya ang pagkabuhay na muli. Kung nais n'yong basahin, ito'y nasa Mga Awit 16:8-11. Ang sabi niya, "Kaya't ang aking puso ay Masaya. Ang aking... Ako'y tatahang tiwasay, sapagkat hindi Mo iiwan ang Aking kaluluwa sa Sheol, ni hindi Mo man titiisin ang Iyong Banal na makakita ng kabulukan."

Sinasabi ko sa inyo, ang saro niya ay inapawan, sapagkat nakita niyang anuman ang... Oh, nakita niya ang pagkabuhay na muli at tunay siyang—at umapaw ang kaniyang saro.

41 Muling inapawan ang saro ni David sa II Samuel (dahil nakalabas na ang inyong mga lapis), sa II Samuel 6:14. Nagkaroon ng tagtuyot. Nakuha nila ang kaban. Nakapasok ang kaaway at nakuha ang kaban ng Panginoon, at dinala ito at inilagay sa harapan ni Dagon, at si Dagon ay nasubsob, at dinala ito sa isa pang bayan at kumalat ang salot mula sa...

Iyon ang pinakamainit na bagay na nahawakan nila do'n, at di nila iyon maiwasan, dahil iyon ay wala sa lugar nito. Ngayon, nang ilagay nila iyon sa kariton ng baka upang ibalik, at nang iyon ay makita ni David na dumarating, alam n'yo kung ano'ng ginawa niya? Napuno siya nang husto; inapawan ng estimulasyon ang kaniyang saro. Nang makita niyang muling naihahayag ang kaban papasok sa Israel, siya ay sumayaw sa Espiritu nang paikut-ikot, siya nga. Ang saro niya ay inapawan. Nakita n'yo? Bakit? Nakita niyang nagbabalik ang Salita.

At sa palagay ko iyon ay medyo magpapasigla kaninuman kapag nakita nilang matapos ang lahat ng mga taong ito, ang tunay na Salita, sa pamamagitan ng pangakong magkakagayon nga, ay nailalabas at nabibindika. Napakainam na pagkakataon. Napakainam na pagkakataon.

Ngayon, bumasa na tayo. Sige na ang pagsasalita ko; hindi natin mapupuntahan ito, at lahat kayo ay maaari kong pagtagalin dito hanggang alas diyes y medya. Pinalabas ko kayo nang maaga kagabi, kaya't dapat ay panatiliin ko kayo nang matagal na matagal ngayong gabi. Siya nga. Hindi, nagbibiro lang ako. Nakikita n'yo, ako'y... Ang nais lang natin ay ang ayon sa pangunguna ng Panginoon. Ngayon.

42 At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika.

43 Ngayon, nang buksan ng Cordero ang Ikaapat na Tatak... Tumigil tayo diyan ngayon, ang Ikaapat na Tatak. Ngayon, Sino ang nabukas nito? Ang Cordero. May iba pa bang karapatdapat? Wala na bang iba pang makapagbubukas niyon? Wala na. Ang Cordero ang nagbukas ng Ikaapat na Tatak, at ang ikaapat na hayop, ang nilalang na buhay tulad sa isang agila, ay nagsabi kay Juan, "Halika, tignan mo kung ano'ng hiwaga ng plano ng katubusan ang nakatago sa Akalat na ito," 'pagkat ang Cordero ang nagbubukas nito.

Sa ibang salita, iyon ang kaniyang sinasabi. May ikaapat na hiwaga rito. Ipinakita ko sa inyo sa anyo ng simbulo. Ngayon, si Juan... Hindi ko alam kung naintindihan n'yo o hindi, ngunit isinulat niya kung ano ang nakita niya. Ngunit ito ay nasa isang hiwaga, kaya't isinulat niya kung anong nakita niya. Ang Cordero ang nagbubukas ng mga Tatak, ngunit hindi pa rin iyon ihahayag ng Diyos; iyon ay inilaan para sa mga huling araw. Kita n'yo?

44 Ngayon, mga simbulo ang nasa atin dati, at sinaliksik natin iyon, at naging napakahusay natin sa ilang panahon (Kita n'yo?), ngunit alam nating iyon ay sumulong na. Ngunit ngayon, sa mga huling araw maaari tayong lumingon at makikita natin kung saan na ito nakarating, at ito ay nakatakdang maganap sa dulo ng kapanahunan ng iglesia bago ang pag-agaw.

Kung papaanong pinadadaan ng sinuman ang Iglesia sa kapighatian, ay di ko alam. Ngunit... Para saan ang pagdaan nito sa kapighatian, samantalang wala itong isa mang kasalanan? Ang ibig kong sabihin ang... Hindi ang iglesia ang tinutukoy ko; ang iglesia ay dadaan sa kapighatian. Ngunit ang sinasabi ko ay ang Nobya.

Hindi dadaan ang Nobya, hindi, wala isa mang kasalan laban dito. Pinaputi na ito nang husto, at ni amoy nito ay wala na; wala nang natira. Sila'y sakdal sa harapan ng Diyos. Kaya't anong kapighatian ang magpapadalisay sa kanila, ngunit ito'y kailangan ng iba. Ang iglesia ay dadaan sa kapighatian, ngunit hindi ang Nobya.

Ngayon, ngayon, tinatalakay lang natin ito sa lahat ng uri ng simbulo tulad halimbawa ng iglesia, katipo ni Noe, ang klaseng naitawid, at paglabas ay nasadlak pa rin sa kasalanan. Kitan n'yo? Ngayon, nakatawid nga sila, ngunit si Enoch ay nakaalis na muna. Iyon ang tipo ng mga banal na papasok na muna bago pa ang panahon ng kapighatian.

45 Ngayon, nakita nating binuksan ng Corderong ito ang Tatak. Ngayon, ang unang hayop na nakita natin... Kung inyong mapapansin, ang unang hayop na nakita natin ay isang... Ang unang hayop ay isang leon, ang nilalang na buhay (nakita natin 'yan sa aklat ng mga kapanahunan ng iglesia); at pagkatapos ang ikalawang hayop, sa paniwala ko, ay may mukha ng isang baka, o ng isang guya; at ang ikatlong hayop ay may mukha ng isang tao; ngunit ang ikaapat an hayop ay may mukha ng isang agila.

Ngayon, ganiyang ganiyan ang pagkakapaikot natin sa kanila, at ganiyang ganiyan ang pagkakapuwesto nila dito sa Biblia.

46 At tulad ng pagtuturo minsan ng isang dakilang guro sa Florida, sabi niya ang buong Aklat ng Mga Gawa ay isa lamang andamyo para sa iglesia... Ang iglesia ay masusumpungan sa apat na Ebanghelyo. At kabaliktaran niyon ang nakita natin, ang apat na Ebanghelyo ang nagbabantay sa Aklat ng Mga Gawa. Naisulat ang Aklat ng Mga Gawa mula sa apat na Ebanghelyo: ang mga gawa ng Espiritu Santo sa mga Apostol.

At nakita natin sa Aklat na ang mga guwardiyang iyon ay nakapuwesto ro'n na nagbabantay sa silangan, hilaga, kanluran, at timog. Naaalala n'yo ba kung papaano natin iyon iginuhit dito, at napakaganda, tamang tama ang pagkakapuwesto ng lahat?

47 Ngayon, nais kong pansinin n'yo... ang sabi, “Halika at tignan mo.” Si Juan... Ngayon, nais kong pansinin n'yo muli bago pa ito... Ngayon, ito ang pinakahuli sa mga mangangabayo na maghahayag ng paggawa ng anticristo. Bukas ng gabi ay tatalakayin natin ang mga kaluluwa sa silong ng dambana, sa kasunod na gabi naman ay ang mga kahatulan. Sa kasunod pang gabi ay ang pagtatapos ng dulo ng kapanahunan—ang katapusan ng lahat ng mga bagay (Kita n'yo?), kung kailan ay iaakyat siya.

Samakatuwid, do'n mismo sa Ikapitong Tatak ay bubuhos ang mga mangkok, at ang lahat ng iba pa ay mabubuhos. Hindi ko alam kung ano ang mga iyon.

48 Pansinin n'yo. Ngunit ngayon, tungkol dito, makikita nating ang lalaking ito ay isang agila, ang taong ito na, o ang nilalang na buhay na ito na lumabas dito. O sa ibang salita, may tatlong magkakaibang kapanahunan nito. Nagkaroon ng kapanahunan ng leon. At makikita natin ang isang ito bilang ikaapat na kapanahunan... At ang sabi niya, “Halika at tignan mo ang ikaapat na hiwaga ng Aklat ng Katubusan na naitago sa Aklat na ito. Halika, tignan mo.”

At humayo si Juan upang tumingin, at nakakita siya ng isang kabayong abuhin at iyon pa ring mangangabayong iyon ang nakasakay sa kabayong abuhing ito. Ngayon, mayroon siyang pangalang kung tawagin ay kamatayan.

49 Ngayon, pansinin n'yo, wala sa iba pang mangangabayo... Wala sa iba pang mangangabayo o walang pagkakataon sa pagsakay ng mangangabayong ito, wala silang—wala siyang pangalan, ngunit ngayon siya ay tinatawag na kamatayan.

Kita n'yo? Nahayag na ngayon kung ano siya—kamatayan. Buweno, maaari tayong magtagal diyan para sa isang sermon upang linawin ito nang husto. Ngunit anumang anti ay laban sa tunay, malamang kamatayan iyon dahil dalawa lang naman ang paksa: iyon ay buhay at kamatayan. At pinatutunayan niyan na ang kapahayagan ng Espiritu Santo hinggil dito sa panahong ito ay ganap na Katotohanan.

50 Ang anti ay kamatayan, sapagkat ang Salita (tulad ng makikita natin dito mamaya) ay Buhay. Kita n'yo? At ang lalaking ito ay tinatawag na kamatayan.

Ngayon, hindi ito nabanggit nung ibang mga pagkakataon ang tungkol sa mangangabayong ito. Ngunit simula nang... Ngayon, binabanggit na kung tawagin siya ay kamatayan. Ngunit sa ilalim ng kapahayagan ng Leon... Ngayon, masdan n'yo. Nais kong basahin ito nang maigi upang ako ay makatiyak. (Isinulat ko kung saan iyon, pagtayo rito...)

Sa ilalim... Hindi sa ilalim ng kapahayagan ng kapanahunan ng Leon o—o nung unang kapanahunan, nung naunang kapanahunan, hindi ito naihayag. Ang kasunod na kapanahunan ay ang kapanahunan ng baka, at ito ay ang madilim na kapanahunan, ang gitnang kapanahunan. Hindi nahayag kung ano iyon. O sa kapanahunan ng hayop na parang taong marunong, na kumakatawan sa mga reformer, kina Luther at Wesley at iba pa, hindi iyon nahayag.

Ngunit sa kapanahunan ng agila, ang huling kapanahunan, ang panahong pangpropeta kung saan may lilitaw na pagpopropesiya (Kita n'yo?), kung kanino'y dumarating sa tuwina ang mga lihim...

51 Ngayon, diyan natin makukuha... Medyo magtatagal tayo diyan ngayong gabi upang maunawaan n'yo nang husto. Ngayon, kadalasan nauunawaan n'yo ang mga bagay na ito... Hindi lang ako sa grupong ito nangungusap. Ang mga tape na ito ay napupunta sa lahat ng dako. Kita n'yo? At kailangan ko itong linawin, sapagkat may kumukuha ng isang tape lamang, at kung hindi n'yo kukunin ang iba pa, bitin ang lahat ng iyon. Kita n'yo?

Ipinangako ito ng Diyos (Kita n'yo?) para sa araw na ito, para sa huling pagtatapos ng lahat ng iba't ibang mga bagay na naganap na at napaghahalo-halo. Tayo ay... Nagkaroon na tayo ng mga damit ni Elias; nagkaroon na tayo ng mga balabal ni Elias; oh, may mga taong lumitaw na... Si John Alexander Dowie ay nakalibing doon na nakabalot sa isang balabal; ang sabi niya siya daw si Elias. At nagkaroon na tayo ng lahat ng uri ng mga bagay na tulad niyon. Ano nga ba iyon? Iyon ay para lang ilayo ang isang Katotohanang nakaakmang maiprisinta. Kita n'yo, kita n'yo?

52 Nagkaroon sila ng mga bulaang cristo bago ang panahon ni Cristo. Kita n'yo? Palagi nilang ginagawa iyon. Naglalabas si Satanas ng huwad upang guluhin ang mga isip at pananamapalataya ng mga tao bago pa maganap ang tunay na bagay. Iyon lang.

Hindi ba't ganun din ang sinabi ni Gamaliel sa mga Judio nung araw na iyon? Ang sabi niya, "Hindi ba't may isang lalaking lumitaw at nagsabing ganito siya, at nagsama ng apat na raan sa ilang, sila'y nangamatay," at iba pa. Ang sabi...

"Ang bawat pananim na hindi itinanim ng Aking Ama," ang sabi ni Jesus, "ay mabubunot."

Ang sabi ni Gamaliel, "Huwag silang pakialaman. Kung sila'y—kung hindi iyon sa Diyos, hindi ba't mauuwi iyon sa kawalang kabuluhan? Ngunit kung iyon ay sa Diyos, masusumpungan kayong lumalaban sa Diyos." Gumamit ng karunungan ang lalaking iyon. Isa siyang guro.

53 Ngayon, pansinin n'yo. Ngayon, upang tapusin ang lahat ng mga hiwagang ito, nangako ang Diyos na may lilitaw na isang tunay na Elias, isang lalaking may pahid ng Espiritung iyon, at iyon ay magpapahayag. Ipinangako Niya iyon sa Malakias 4.

At nakatanggap ako ng mga munting sulat at liham na nagsasabing hindi iyon totoo, ngunit nais kong makausap ang taong iyon. Kita n'yo? Aba'y, di mo ito maaaring itanggi. Alam ng kahit na sinong tunay na mahusay na teologo na Katotohanan iyon, na inaabangan nila iyon. Ngunit katulad din iyon ng pagdating nito sa pamamagitan ni Juan, ang tagapaghanda ng daan ni Cristo nung una.

Aba'y, hindi nila siya nakilala, sapagkat may mga napakadakilang bagay na naihula tungkol sa kaniya. Aba'y, ibababa niya ang lahat ng matataas na dako, itataas ang lahat ng mababang dako, at papatagin lahat ng bako-bakong dako; at, oh, siya, buweno, oh, ang mga propeta... Si Isaias, pitong daan at labindalawang taon bago siya ipanganak, at si Malakias, apat na raang taon bago siya dumating sa eksena, ay kapuwa nanghula tungkol sa kaniya. At umaasa silang may isang pasilyo ng langit na bababa upang lakaran ng propetang ito na may hawak na tungkod mula sa Diyos.

54 At anong nangyari? May isang lalaking ni hindi makapagpakita ng fellowship card, di makapagpakita ng kredensyal, na namalagi sa ilang, ni walang karaniwang aral. Sinasabi sa atin ng mga mananalaysay na nagtungo siya sa ilang nung siya ay siyam na taong gulang, matapos mamatay ang kaniyang tatay at nanay, at lumaki sa...

Napakahalaga ng kaniyang gampanin para makigulo sa isang seminaryo. Kinailangan niyang ipakilala ang Mesias.

Hindi maaaring gamitin ng Diyos ang isang taong puno ng teolohiya. Hindi, sapagkat magbabalik at magbabalik siya ro'n; iyon ang linya ng kaniyang pinag-aralan. Magbabalik siya ro'n. Kaya't hahayo siya upang tignan ang isang bagay; susubukan niyang balikan kung ano ang sanabi ng kaniyang mga naging guro. Mas mabuti pa sana kung iniwasan niya ang mga bagay na iyon at sumampalataya na lang siya sa Diyos.

At makikita nating di nila siya nakilala. Hindi siya nakilala maging ng mga alagad na nakatayo ro'n. Aba'y, ang sabi nila, "Bakit sinabi ng Kasulatan (ng mga eskriba) na si Elias ay..."

Ang sabi Niya, "Buweno, dumating na siya, at di n'yo siya nakilala."

Ngunit diyan ko itinutulad ang pagkabuhay na muli at—o ang pag-agaw. Magaganap ito at sila'y... Alam kong kakaiba iyan kung pakinggan, ngunit marahil ay madadagdagan ang nalalaman n'yo pagkatapos ng gabing ito, kung loloobin ng Panginoon, tungkol sa kung papaano ba iyon magaganap. Kita n'yo? Magiging napakalihim nito na halos walang sinumang makaaalam nito. Iisipin lang ng sanlibutan—magpapatuloy lang ito tulad ng dati. Kita n'yo? Palaging ganiyan ang ginagawa Niya.

55 Alam n'yo ba, duda ako kung may isa—isang... Sasabihin kong 1/90 porsyento lang ng mga tao sa lupa ang nakaalam na nandito si Jesus Cristo nung Siya'y naririto. Alam n'yo nung si Elias ay magpropesiya, duda akong may isa mang nakaalam na siya'y... Alam nila na may baliw doon, isang panatiko, ngunit kinamuhian nila siya. Tiyak nga. Isa siyang kung tawagin nila ay kakatuwa.

At sa palagay ko kahit sinong isinilang na muling Cristiano ay medyo kakatuwa sa sanlibutan, sapagkat ikaw ay nabago na. Ika'y taga-ibang daigdig na. Ang espritu mo'y mula sa kabilag banda ng bangin, at ang bagay na ito na naririto ay magulong magulo. Kung hindi ka kakaiba, mayroong mali. Masyado ka pa ring makalupa. Dapat kang maging makalangit kung mag-isip. Ang langit ay nabubuhay sa pamamagitan ng Salita.

56 Ngayon, napansin nating ang dakilang bagay na ito ay naganap. At ngayon, naniniwala tayong may darating na tunay na espiritu ni Elias. Nakahulang magkakagayon. Kita n'yo? At dapat nating alalahaning mapaparito iyon sa takdang kapanahunan at oras nito. Maaaring naglalatag na tayo ng pundasyon para do'n ngayon. At hindi iyon magiging isang organisasyon.

Di ako sumasang-ayon sa isang matalik kong kaibigan tungkol diyan. Ang sabi niya iyon daw ay magiging isang grupo ng mga tao. Nais kong ipakita n'yo 'yan sa akin sa Kasulatan. Ang Diyos, ang di nagbabagong Diyos ay di kailan man nagbabago ng Kaniyang plano. Kung ganun Siya, hindi Siya Diyos (Tama.), sapagkat siya'y isang mortal, at nakatutuklas siyang tulad ko, at nagkakamali. Hindi kailan man binago ng Diyos ang Kaniyang plano mula pa nung panahon ng halamanan ng Eden. Gumawa Siya ng isang plano para sa katubusan; iyon ay ang dugo.

57 At sinubukan na natin ang edukasyon; sinubukan na natin ang diktaturya; sinubukan na natin ang sikolohiya; sinubukan na natin ang denominasyonalismo; sinubukan na natin ang lahat upang itulak na magkasama-sama ang bawat isa, o magmahalan ang bawat isa, at lahat na. Wala pa ring ibang dako ng pagsasama-sama kundi sa silong ng Dugo, ang tanging lugar kung saan kinatatagpo ng Diyos ang tao.

Ang Diyos sa tuwina ay nakikitungo sa isang indibiduwal. Ang dalawang tao ay mayroong dalawang ideya. Hindi kailan man nagkaroon ng dalawang major prophet sa ibabaw ng lupa na nanghuhula sa iisang pagkakataon. Magbalik-tanaw kayo at tignan n'yo kung mayroon. Wala po. Masyadong nakakapag-alangan. Kailangan Niyang pasukuin nang lubos ang isang tao upang magamit ang taong iyon. Naghahanap Siya nang gayong tao, ngunit magkakaroon niyon pagdating ng oras, isang taong makikinig sa bawat Salita Niya.

58 Hindi mahalaga kung anong sinasabi ng iba, hindi sila lalayo ro'n. Tama. Maghihitay sila sa ITO ANG SABI NG PANGINOON, at di sila kikilos malibang dumating 'yon. Siya ay mabibindika nang maayos. Inyong... Ngayon, kamumuhian iyon ng mga nasa labas, ngunit ang binhing hinirang, ang itinalagang binhi, tulad nung mga kaarawan ni Jesus, kapag suminag ang Liwanag na iyon, mabubuhay nang ganun ang binhing iyon. Malalaman nila iyon. Ito'y mauunawaan niyon. Hindi mo na kailangang magsalita tungkol dito.

Ang sabi niya, “Ginoo, napaghahalata kong isa Kang propeta. Alam kong pagdating ng Mesias, Siya'y magiging isang...”

Ang sabi Niya, “Ako na nga Siya.”

Naku, sapat na iyon. Hindi na niya kailangang maghintay nang buong magdamag at maghintay hanggang sa kasunod na gabi; natanggap niya iyon noon din. Humayo na siya. Sinaysay na niya ito sa kanila.

59 Ngayon, alalahanin n'yo, ang unang kapanahunan ay kapanahunan ng leon. Iyon ay ang Leong mula sa angkan ni Juda, si Cristo. Ang Kaniyang Sariling impluwensiya ng buhay, ang sumakop sa kapanahunang iyon. Iyon ang unang hayop, na ang ibig sabihin ay kapangyarihang tumutugon sa pamamagitan ng tinig.

Ang kasunod na kapanahunan ay ang kapanahunan ng baka o ang kapanahunan ng mangangabayong nakasakay sa kabayong itim. Kita n'yo? Ngayon, kaya puting kapanahunan ang unang kapanahunan, mangyari kasi... Tulad ng palaging naririnig kong sinasabi ng mga tao na ang unang mangangabayong iyon, kulay puti, ay ang kapangyarihan ng iglesiang humayo upang manakop, at nakita nating binigyan siya ng isang putong, na iyon na nga iyon.

Ang iglesia iyon. Ang iglesia iyon, ngunit saan siya nagtungo? Nagtungo siya sa Roma at do'n niya

nakuha ang kaniyang putong.

Ngayon, ang ikalawang kapanahunan ay panahon ng isang mangangabayong nakasakay sa isang kabayong pula at iyon ay isang madilim na panahon. At ngayon, ngayon, ang kasunod na kapanahunan ay ang panahon ng tao na siya ring panahon ng mangangabayong nakasakay sa kabayong itim, at iyon ay panahon ng mga reformer (Kita n'yo?), nagtungo siya sa—sa tinig ng nagsalita.

Ngayon, ang mangangabayong nakasakay sa kabayong itim ay ang anticristo; ngunit ang kumatawan sa nagsasalita sa kapanahunang iyon ay isang tao. At iyon ay ang karunungan, matalino, tuso. Kita n'yo? At hindi nila iyon naunawaan, kita n'yo? Hindi nila tinawag na... Hindi nila siya napangalanan. Kita n'yo? Ang sabi lang nila iyon ay humayo.

60 Ngunit ngayon nang ito ay lumabas, ang kapanahunan ng agila; diyan sa tuwina itinutulad ng Diyos ang Kaniyang mga propeta, sa mga agila. Tinatawag Niya ang Kaniyang Sarili na agila. Pumapailanlang nang napakataaas ang agila na walang iba pang tulad niya. Hindi lang siya nandun sa itaas, kundi siya'y ginawa para sa posisyong iyon. Kapag umakyat siya ro'n, nakikita niya kung nasaan siya. May mga taong umaakyat do'n pagkatapos ay di naman nila makita kung nasaan sila, kaya't wala ring kuwentang makaakyat sila ro'n. Ngunit kung ikaw ay...

Ngunit hayaan mong subukan ng isang uwak na sumabay sa agila sa paglipad, o ng isang lawin, alin man dito; mawawasak ang kaniyang katawan. Kailangan pressurized siya para sa pupuntahan niya.

61 Iyan ang problema sa araw na ito; ilan sa atin ay hindi napepressurized. Napakabilis nating sumabog (Kita n'yo?), kapag tayo'y lumulundag; ngunit kailangan nating mapressurized. Pag-akyat mo ro'n, dapat ay mayroon kang matalas na paningin ng agila upang makita kung anong paparating at upang malaman kung anong dapat mong gawin. Ngayon, ipinahayag ito ng kapanahunan ng agila.

Ngayon, nalaman nating ipinangako ang kapanahunan ng agila sa Apocalipsis 10:7 at sa Malakias 1:4 na iyon ay mapapasa huling mga araw (Kita n'yo? Tama 'yon.), na iyon ay mapaparito. Tama.

62 Pansinin n'yo. Ngayon, ang lalaking ito, nakita natin ay nakasakay sa kabayong abuhin. Abuhin... Ay, naku. Matapos na... Pansinin n'yo, matapos ang animnapu't walong milyong mga Protestante, tulad ng kinuha natin sa "Glorious Reform" ni Smucker tungkol sa martyrology ng Roma, kagabi... Nalaman nating hanggan sa bilang na labinlimang daan (sa wari ko, o labingwalo, di ko na maalala nang husto) ngunit animnapu't walong milyon ang ipinapatay dahil sa pagprotesta sa unang Romanong iglesia, Roma.

Di kataka-takang kaya niyang katawanin nang kaniyang sarili sa pangalang binigyang-katauhan—at kung tawagin ay kamatayan. Tunay ngang ganun siya. Ngayon. And Diyos lang ang nakababatid kung gaano karami ang binunsod niyang mamatay sa espirituwal na paraan sa pamamagitan ng kaniyang katuruang laban sa Salita ng Biblia.

Ito ang ipinangpatay niya sa animnapu't walong milyon sa pamamagitan ng tabak, at marahil bilyun-bilyon ang namatay sa espirituwal na paraan sa kaniyang bulaang katuraan. Di kataka-takang nagawa niyang dalhin ang pangalan ng kamatayan.

63 Nakikita n'yo na ba ang mangangabayo? Unang una, bilang anticristo kamatayan na siya pasimula pa lamang, ngunit inosente pa siya no'n. Pagkatapos ay tumanggap siya ng isang triple crown, at nang mangyari 'yon, pinag-isa... Pinagsanib ni Satanas ang kaniyang iglesia at estado, at dahil siya ang may pamamahala noon kapuwa sa dalawang ito. Ang anticristo ay si Satanas sa anyo ng isang lalaki.

At ganun din sa Mateo, wari ko'y sa ikaapat na kabanata, ang sabi sa atin—dinala ni Satanas si Jesus na ating Panginoon, sa mataas at ipinakita sa Kaniya ang mga kaharian ng sanlibutan, lahat ng mga iyon, sa isang sandali, at ang kaluwalhatian ng mga iyon, inalok ang mga iyon sa Kaniya, at sinabi niyang ang mga iyon ay sa kaniya.

Kaya, nakikita n'yo na, kung magagawa niyang pagsanibin ang kaniyang estado at ang kaniyang iglesia, kung magkagayo'y tiyak ngang magagawa nang humayo ng mangangabayong nakasakay sa kabayong pula. Kita n'yo? Tunay nga.

64 Ngayon, nalaman natin ang kaniyang hiwaga rito sa kaniyang iglesia at estado. Sa ikaapat na yugto ng kaniyang ministeryo, siya ay tinawag na hayop. Una tinawag siyang anticristo (Kita n'yo?), pagkatapos ay tinawag siyang bulaang propeta, at pagkatapos ay tinawag siyang hayop. Ngayon, makikita natin siya ritong tinatawag na hayop.

Ngayon, nais kong pansinin n'yong pagkatapos ng ikaapat na kabayo, at sa ikaapat na kabayong ito, kung inyong papansinin, lahat... Ang una ay puti, at ang kasunod ay pula, at ang sumunod ay itim, at ang ikaapat ay... Lahat ng tatlong ito ay kinakatawan dito, sapagkat ang abuhin ay pula at puti at iba pang pinaghalo-halo. Kita n'yo? Siya'y...

Pinaghalo-halo ang lahat ng iyon sa isang kabayong ito. Kita n'yo? At diyan ay naging apat siya, o

sa katunayan ay tatlo sa isa, at pinaghalo-halo ang lahat sa isang iyon.

65 Ngayon, nais kong pansinin n'yo ang apat na iyon. Pansinin n'yo ang marka ng apat sa espirituwal na matematika. Ang Diyos ay tatluhan. Ito ay apat. Siya'y nasa apatan dito. Una, anticristo, puti; ikalawa, bulaang propeta, pula; ikatlo, kinatawan ng langit at lupa at ang purgatoryo, itim; ikaapat, ang hayop, kabayong abuhin, sinipa si Satanas palabas ng langit. Nais n'yo bang basahin 'yon? Apocalipsis 12:13, sinipa si Satanas palabas ng langit...

At sa Apocalipsis 13:1-8, siya ay nagkatawang-tao sa persona ng hayop. Una siya ang anticristo, isa pa lamang katuruang kung tawagin ay Nicolaita; at mula riyan naging isa siyang bulaang propeta. Kung siya ay isang anticristo, ang anticristo ay laban. Anumang laban sa Salita ng Diyos ay laban sa Diyos, sapagkat ang Salita ay Diyos.

"Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay nagkatawang-tao, si Cristo, at nanahan sa ating kalagitnaan." At ngayon, siya ay laban sa Salita, kaya't siya'y anticristo; ngunit ang isang espriitu ay hindi maaaring putungan. Iyon ang dahilan kaya't hindi pa siya nakatanggap ng putong, isang busog lamang na walang mga palaso.

66 At nang dumating siya sa panahon ng pagpuputong, noon ay naging bulaang propeta na siya ng kaniyang anticristong katuruan. Nakuha n'yo ba? Pagkatapos ay nakakuha siya ng isang tabak, sapagkat pinagsanib niya ang kaniyang mga kapangyarihan; nang magkagayo'y hindi na niya kailangang pakiusapan ang sinuman. Siya'y gobernador na ng estado; siya'y gobernador na ng langit: tumanggap siya ng triple crown, kumatha siya ng ideyang kung tawagin ay purgatoryo, na kung mayroon sa kanilang namatay noon, at mayroon silang pera at nais nilang magbayad para maalis sila ro'n, maaari niya silang ipanalangin upang maalis do'n, sapagkat mayroon siyang kapangyarihang gawin iyon. Siya'y isang kahalili. Tunay nga. Inaako niya ang lugar ng Diyos sa ibabaw ng lupa. Kung hindi ba naman napakalinaw niyan...

Nakita natin, sinala natin iyon sa Biblia at binilang natin ang kaniyang mga numero at lahat na. Narito siya; inilalarawan natin siya rito sa bilang na apat, hindi sa bilang na tatlo, bilang na apat. Kita n'yo?

67 Ngayon, buklatin natin ang Apocalipsis 12. Basahin lang natin ito nang kaunti sapagkat magkakaroon pa tayo ng panahon para gawin iyon. At basahin natin ang ika-12 kabanata at ang ika-13 talata.

At nang oras na yaon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol... (Hindi, mali ang kinaroroonan ko, sa ika-13)

At nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig niya ang babaing nanganak ng sanggol na lalake.

68 Ngayon, nakikita n'yo, siya'y inihagis sa lupa at nagkatawang-tao. Sa pagkakatawang-tao ng anticristong espiritu, ang lalaking iyon ay nag-ibang anyo, mula sa pagiging anticristong espiritu tungo sa pagiging bulaang propeta, at pagkatapos ay pumasok sa kaniya ang hayop.

Katulad din ng paglago ng iglesia. Ang iglesia niya ay nabago mula sa—mula sa anticristo patungo sa bulaang propeta, at sa dakilang kapanahunang darating bilang hayop na lilitaw, gayundin ang pagdating ng iglesia, dadaan sa pag-aaring ganap, pagpapakabanal, at sa bautismo ng Espiritu Santo na siyang pananahan ni Cristo sa mga tao, eksaktong eksakto. At taglay niya ang tugon sa tipo (antitype) nito doon, (Kita n'yo?), ang tipo ang ibig kong sabihin. Hayun siya, eksaktong eksakto. Siya iyon: sinipa palabas ng langit.

69 Ngayon, makikita natin sa Apocalipsis 13:1-8...

At ako'y tumayo sa buhanginan ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon (Ngayon, dito sa ika-12 siya sinipa. Ngayon, masdan n'yo.)... nakakita ako ng isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay sangpung diadema, at sa kanying mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan.

At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa... (Oh, kung may oras lang tayo ngayon, gugugulin natin ang natitirang bahagi ng gabing ito sa mga simbulong iyon at ipapakita natin, ididirekta natin iyon sa kaniya. Anumang... Alam iyan ng karamihan sa inyo mula sa ibang mga aralin.)... ay gaya ng sa oso, at kaniyang bibig... gaya ng bibig ng leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan. (Ha. Nagkatawang-taong Satanas. Kita n'yo?)

At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay;...

70 At pababa, nagpatuloy ito kung nais n'yong... Kaung magkakaroon kayo ng pagkakataon ituloy n'yo ang pagbasa pababa. Hindi, bumasa lang tayo nang kaunti.

At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang

sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop;

Masdan n'yo lang. Huwag n'yong manmanan ang Komunista. Isa lamang iyong kasangkapang gamit ng mga kamay ng Diyos upang tulungan kayo isang araw upang maipag... maipaghiganti ang dugo, tulad ng tatalakayin natin bukas ng gabi. Kita n'yo?

At sila'y nagsisamba sa dragon... (Sino ang dragon? Si Satanas. Tama ba? Ang pulang dragon... Tama.)... sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop;... (Saan niya nakukuha ang kaniyang kapangyarihan. Kita n'yo?)... at nangagsisamba sila sa hayop na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop at sino ang makababaka sa kaniya?

At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan; at binigyan siya ng kapamahalaan, upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan.

At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios,... (Hayan. Kita n'yo? Oh, sa isang...)... upang pusungin ang kaniyang pangalan,... (binigyan siya ng titulo)... at ang kaniyang tabernakulo... (na walang iba kundi ang tahanan ng Espiritu Santo, at gawin iyong isang lugar sa Roma, isang Vatican city; maaari n'yon ituloy pababa)... gayon din naman ang mga nananahan sa langit. (Pinusong sila sa pagsasabing sila ay mga tagapamagitan)

71 At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal... (At nagkagayon nga.)... at pagtagumpayan sila:... (Nagtagumpay nga siya: sinunog sila, pinakain sa mga leon, at pinagpapatay sa anumang paraang kaya niyang gawin.)... at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawat angkan at bayan at wika at bansa.

Hindi nagkaganiyan sa Roma hanggang sa maging papal Rome ang pagan Rome at ang kapangyarihan ng Catolico ay lumaganap sa mundo; nabuo ang ang pangdaigdigang iglesiang Catolico.

At ang lahat ng mga nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat ng itatag ang sanglibutan.

Kung ang sinoman ay may pakinig ay making.

Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang pagtitiyaga at... pananamapalataya ng mga banal.

72 Natalakay natin siya kagabi na may malaking tabak upang pumatay. Makikita nating mapapatay din siya sa pamamagitan ng Tabak, ang tabak ng Salita. Papatayin siya, ibubuwal siya ng Salita ng Diyos, matalas na tabak na may dalawang talim. Hintayin n'yong salitain ng pitong kulog na iyon ang kanilang mga tinig sa grupong iyon na may tunay na kakayahang kumuha sa Salita ng Diyos at Ito'y iwasiwas. Ito'y hahati at puputol. At magagawa nilang ipinid ang langit; magagawa nilang ipinid ang ganito at gawin ang ganun, anumang naisin nila. Luwalhati.

Siya ay papatayin sa pamamagitan ng Salitang nagmumula sa Kaniyang bibig; mas matalas ito kaysa sa tabak na may dalawang talim. Magagawa nilang tumawag ng sandaang bilyong toneladang mga langaw kung gugustuhin nila. Amen. Anumang sabihin nila ay magaganap, sapagkat Salita iyon ng Diyos na nagmumula sa bibig ng Diyos. Amen.

Ang Diyos sa tuwina... Salita Niya iyon, ngunit sa tuwina ay gumagamit siya ng tao upang paganahin iyon. Magagawa ng Diyos na tumawag ng mga langaw sa Egipto, ngunit ang sabi Niya, "Moises, trabaho mo 'yan. Sasabihin ko na lang sa iyo kung anong dapat mong gawin, at gawin mo 'yon." Ganap niyang ginawa 'yon. Kita n'yo? Puwede sanang piliin Niya ang araw upang tumawag sa mga iyon; puwede sanang ang buwan ang patawagin Niya o kaya ay ang hangin, ngunit ang sabi Niya, "Moises..." I—iyon ang... Tao ang pinipili Niya. Tama.

73 Ngayon, makikita natin dito na ang Satanas na ito, matapos na masipa sa langit, ay magkakatawang-tao sa hayop, at ngayon ay hayop na siya. Anticristo, bulaang propeta, at ngayon hayop at binigyan ng pangalang kamatayan, at ang impiyerno ay sumsusunod sa kaniya: ganap na Satanas sa kaniyang trono... Ay, naku. Sa lupa—siya ang kinatawan ni Satanas sa lupa; ngayon siya na ang pangulo ng mga kaharian ng sanlibutan, ang mga kaharian mismong inalok sa Panginoong Jesus sa Mateo 4, naging ganap nang hari si Satanas.

74 Ngayon, ito ay magaganap kalaunan. Siya'y bulaang propeta ngayon. Magiging hayop siya paglaon kapag sinira niya ang kaniyang tipan sa mga Judio. Alam n'yo kung papaano natin dinaanan... Tama.

Pansinin n'yo ngayon, siya ay bibigyan ng isang puso ng hayop sa panahong iyon, at magkakatawang-tao si Satanas, sapagkat kapag umakyat ang Iglesia, si Satanas ay matataboy palabas. Kita n'yo? Tapos na sa pagkakataong iyon. Lahat ng kaniyang pag-aakusa ay tapos na. Kita n'yo?

Ngayon, habang... Tignan n'yo, habang ang Tagapamagitan ay nasa trono pa, si Satanas ay maaaring tumayo ro'n at mag-akusa, sapagkat siya ang abugado ng kabilang panig. Siya ang kalaban ni Cristo. At si Cristo ay... Siya'y nakatayo ro'n... Ang kalaban ay nakatayo ro'n na nagsasabi, "Ngunit sandali lang, nahulog si Adan. Ganito ang ginawa ni Adan. Nagapi ko siya. Napaniwala ko ang kaniyang asawa sa isang kasinungalingan, at ang sabi Mo siya'y mahahatulan dahil do'n. Nagawa ko iyon."

Ngunit naririto ang Tagapamagitan na nakatayo ro'n (Amen.), ang Kaanak na Manunubos (Amen.) na nakatayo ro'n taglay ang Dugong may kakayahang kumuha ng puso ng pinakamasamang makasalanan at iyon ay baguhin. May isang Tagapamagitan na nasa luklukan. Opo.

Ang sabi ni Satanas, "Ngunit sila ay nagkasala."

Ang sabi ni Jesus, "Hindi."

75 Ang Clorox na iyon ay naimbento o ginawa upang mag-alis ng mantsa, mag-alis ng kulay mula sa tinta o anumang mantsa—mayroon na sila niyon. Iyon ay dudurugin nito hanggang sa di mo na ulit iyon makikita pa. Magbabalik iyon sa pagiging mga gas at tutuloy sa pagiging cosmic light at iyon ay lalampas sa mga molecule at lahat na hanggang sa magbalik ito sa orihinal na pinagmulan nito. Ito'y isang nilikha—kailangan nitong—ang isang nilikha ay kinakailangang magmula sa isang Manlilikha. Ngunit lahat ng mga kemikal na nagawa at pinagsama-sama ay nagkahiwa-hiwalay na at ganun na lang 'yon, wala na 'yon. Maging ang laman na tubig ay lalahok na sa Clorox na dili iba kundi mga abo. Amen. Luwalhati sa Diyos, nalinis itong ganap.

Ganiyan ang ginagawa ng Dugo ni Jesus Cristo sa tunay na anak ng Diyos. Kapag ikinumpisal niya ang kasalanang iyon at siya ay tumatayo ro'n nang inaring-ganap sa Kaniyang... Kahabagan, kagandahang-loob... Napakadakila nito na nagawang sabihin ng Diyos, "Ni hindi ko na iyon naaalala pa, at siya'y ganap na anak Ko." "Katotohang sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin n'yo sa bundok na ito na ito ay makilos at di kayo mag-aalinglangan sa inyong puso kundi sasampalataya sa inyong sinabi, ito ay magaganap; matatanggap mo ang iyong sinabi."

Ikaw ay isang tinubos na anak. Amen. Alam kong totoo iyan.

76 Nakita kong lumitaw ang mga squirrel sa anim na magkakaibang pagkakataon sa abot ng nalalaman ko... at hindi ang dating naririto na. Sadyang magagawa Niyang makalikha ng mga squirrel kung papaanong kaya Niyang lumikha ng mga langaw o mga palaka o ng anumang iba pang bagay. Siya'y Diyos, ang Manlilikha. Tama. At nang... walang mortal na tao, ngunit kapag ang kasalanang iyon ng mortal na tao ay naikumpisal at naihulog sa Clorox na iyon na pampaputi ni Jesus Cristo, na nagpapaputi ng kasalanan, siya'y ganap na wala nang dungis ng kasalanan, walang kamalian.

Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat hindi siya maaaring magkasala. Ang Pampaputi ay nasa pagitan niya at ng Diyos. Papaano iyong makaaabot do'n samantalang iyon ay dinudurog Nito at isinasauli sa nagbaluktot niyon. Amen.

Whew, masiglang masigla ang pakiramdam ko. Sinasabi ko sa inyo, ako ay nagkakaroon ng mga estimulasyon ngayon habang ito ay nagsisimulang mahayag.

77 Pansinin n'yo, ganap na Satanas sa kaniyang trono (Opo.), inalok niya iyon sa Diyos, inalok sa ating Panginoon. Heto siya at nakaupo rito na may makahayop na puso sa kalooban niya. Ngayon, narito ang persona, ang hayop, ang nagkatawang-taong diablo. Magpapakita siya rito sa ibabaw ng lupa sa ilalim ng huwad na pagkukunwari (Oh, talaga naman.)—sa ilalim ng huwad na pagkukunwaring siya ang tunay na Salita, nakikihalubilo siya sa Salita.

Ginawa niya lang ang tulad ng ginawa ng tipo niya, na walang iba kundi si Judas, dalawang libong taon na ang nakalilipas. Ano ang ginawa niya? Umentra si Judas bilang isang mananampalataya, samantalang demonyo siya sa pasimula pa lamang. Isinilang siyang anak ng kapahamakan. Hindi niya napaglinlangan si Jesus, sapagkat kilala Niya siya sa pasimula't pasimula pa lamang (Amen.) sapagkat Siya ang Salita.

78 Tama. At alalahanin n'yo, ginampanan niya ang lugar ng isang ingat-yaman at nahulog sa pera. Ganun din ang iglesia sa araw na ito. Ang iglesiang Catolico (tulad ng napansin natin kagabi) ay naningil para sa mga novena, naningil para sa mga dasal, at naningil para sa lahat ng bagay. Halos kapareho rin—ganun din ang nangyari sa mga anak na babae ng iglesiang Catolico na walang iba kundi ang mga Protestante... Ang kabuuan nito ay nababalutan ng pera. Doon nahulog si Judas, at dito siya nahulog, at doon nahuhulog ang mga Protestante.

Masdan n'yo... Nakasakay siya sa kabayong abuhin sa paglitaw niya sa pangangabayong ito, sa huling pangangabayong ito. Siya'y nasa huling pangangabayo na niya ngayon. Ngayon, iyan ay hindi sa ating panahon. Iyan ay sa hinaharap pa. Ang Tatak iyon na naihula na. Sapagkat, kita n'yo, ang Iglesia ay nakaakyat na kapag ito ay magaganap na.

79 Sa pagpapakita ni Cristo dito sa ibabaw ng lupa, kung papaanong ang lalaking ito ay lilitaw at magiging ganap, lubusang diablo... Mula sa pagiging anticristo hanggang sa pagiging bulaang propeta, at papunta sa pagiging hayop, ang diablo mismo, at siya'y nakasakay sa isang kabayong abuhin, kulay na nabuo sa paghahalo-halo ng lahat ng uri ng kulay upang gawin siyang abuhin at mukhang patay.

Ngunit kapag ang Panginoon ay nagpakita dito sa ibabaw ng lupa, Siya ay sasakay sa isang kabayong singputi ng niebe, at Siya ay magiging ganap, lubusan na Emmanuel, ang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao sa isang lalaki. Makikita n'yo kung gaano kalaki ang pagkakaiba nilang dalawa. Ganunpaman iyon nga ang kaibahan.

80 Pansinin n'yo, ang anticristo ay nakasakay sa kabayong abuhin, halo-halong kulay. Ang kabayo ay isang hayop na kumakatawan sa isang kapangyarihan. Ang kaniyang kapangyarihan ay halo-halo. Bakit? Ito'y pulitika; ito'y pambansang kapangyarihan; ito'y makademonyong kapangyarihan; lahat ng uri ito ng kapangyarihang pinaghalo-halo, isa itong pinaghalo-halong kabayong abuhin. Taglay niya ang lahat ng uri ng kapangyarihan.

Ngunit pagdating ni Jesus, nakasakay siya sa isang kabayong purong puti—ang Salita. Amen. Pinaghahalo-halo ng isang ito ang kaniyang mga kulay na pula, puti, itim. Tatlong kulay sa isa—kinatawan sa isa, at tatlong kapangyarihang kinatawan sa isa: kabayong puti, kabayong itim, kabayong pula, at tatlong putong sa isa. Kita n'yo? Oo nga.

81 Nakita ko mismo ang koronang iyon—tumayo ako, oh, nang napakalapit at tinignan ko iyon. Hindi nila ako pinahintulutang maabot iyon dahil sa salamin. Kaya't hayun iyon, may malaking kandado, nakalagay sa isang lalagyan, triple crown; kaya nga alam kong totoo iyon. Kaya't hayun siya—triple crown.

Kinatawan ng langit, purgatoryo, at lupa. Tatlong kapangyarihang nagsanib, kita n'yo, pinaghalo-halo sa isang kulay, abuhin. Ang kamatayan ay nangusap sa kabuuan nito. Ukol sa pulitika, at ukol sa relihiyon, at makademonyong mga kapangyarihang pinaghalo-halo. Pulitika, siya ang hari ng pulitika; iyon si Satanas. Matalino? Whew. Oo, huwag mong subukang daigin siya sa talas ng isip; sa Panginoon ka lang magtiwala.

Tulad ng natalakay ko na dati, puro matalino, mga edukasyon, at ang mga bagay na ganiyan ay galing sa maling banda. Sundan n'yo iyon sa Kasulatan; malalaman n'yong iyon ay tama.

Sundan n'yo ang mga anak ni Cain at tignan n'yo kung naging ano sila. Pagkatapos ay sundan n'yo ang mga anak ni Seth, tignan n'yo kung ano sila noon.

82 Hindi sa sinusuportahan ko ang kaignorantehan, hinding hindi po, ngunit halos wala kang makuhang tauhan sa Biblia, bihirang bihira... At siya... Mayroong isang ang pangalan ay Pablo na isang matalinong tao, at sabi niya'y kinailangan niyang kalimutan ang lahat ng nalaman niya upang makilala niya si Cristo. Ang sabi niya, "Hindi ako pumapariyan sa inyo na may mapang-akit na pananalita ng karunungan ng tao, kundi pumapariyan ako sa inyo sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Cristo."

Tama, kapangyarihan ng Espiritu Santo... Tignan n'yo ang iba. Ang ilan sa kanila ay ni hindi alam kung alin ang kanan o kaliwang kamay, at—at ang lahat...

Tignan mo ang buong kapanahunan ng mga propeta at kung saan sila nagmula at iba pa. Nakikita n'yo ba kung ano'ng ibig kong sabihin?

Kita n'yo, matalino, intelektuwal, at ang karunungan; ang karunungan ang siya mismong maglalayo sa iyo sa Diyos.

83 Mayroon siyang tatlong kapangyarihan o tatlong hurisdiksyon: ang lupa, ang langit at ang purgatoryo. Siya rin ay isang trinity. Iyan ang bumubuo sa kaniya, at siya'y nakasakay sa isang trinity. Ang kapangyrihan niya'y nasa isang trinity. Ang korona niya'y nasa isang trinity, ang pagsakay sa isang kabayo ng trinity, (Iyon ay patungkol sa mga opisina.) apat na naman (Kita n'yo?), apat na naman.

Tama, tatlong yugto ng kaniyang ministeryo ay bumubuo sa kaniya bilang isang persona, si Satanas na nagkatawang-tao, tatlong yugto ng minis... Anticristo, bulaang propeta, at hayop, ang tatlong iyon ay tumitipo... Kita n'yo, ngayon ay may tatlong tipong bumubuo sa kaniya.

Ipinapakikilala rin ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa tubig, dugo, espiritu. Nagiging isang anak ng Diyos ang isang Cristiano sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kita n'yo? At ang tatlong kapangyarihang ito ang nagpapaging diablo sa kaniya. Kita n'yo? Oh, itong narito ay tubig, dugo, at espiritu na mula sa Diyos. At iyan namang ukol sa pulitika, relihiyon, at makademonyong kapangyarihang pinagsama-sama ang nagpapaging diablo sa kaniya.

Nung unang dumating si Cristo, Siya'y isang mortal. Tatlong beses Siyang darating. Si Cristo ay nasa tatluhan. Kita n'yo? Masdan n'yo kung papaano siya dumarating, siya nama'y apat na beses.

84 Masdan n'yo si Cristo. Nung unang pagdating, pumarito Siya bilang isang mortal upang magdugo at mamatay. Tama ba 'yon? Iyon ang Kaniyang unang pagdating. Ang ikalawang pagdating ay ang pag-agaw. Sasalubungin natin Siya sa kalangitan, immortal. Sa ikatlong pagdating, Siya ang Diyos na nagkatawang-tao (Amen. Siya nga.), Diyos na Emmanuel upang maghari sa ibabaw ng lupa. Tama. Tatlo lamang...

Sa ikaapat na yugto ng mangangabayo... Masdan n'yo. Ang ikaapat na yugto ng mangangabayong ito ay tinatawag na kamatayan. Ang ibig sabihin ng kamatayan ay ang eternal na pagkahiwalay sa Diyos. Iyon ang kahulugan ng kamatayan: ang mahiwalay magpawalang-hanggan sa Diyos.

85 Ngayon, kung kikilalanin natin ang lalaking ito, ang klaseng... Kung naipakita natin sa pamamagitan ng Biblia kung sino ang lalaking ito... At tinalakay pa nga natin maging ang mga burol, ang lugar at ang bawat dako nang detalyadong detalyado hanggang sa dulo. At ngayon, siya'y tinatawag na kamatayan ng agila. Iyon ang tawag niya sa kaniya.

Alalahanin n'yo, dito... Kita n'yo, ang kamatayan ay eternal na pagkahiwalay. Alalahanin n'yo, ang mga banal ay di namamatay. Sila'y natutulog, hindi namamatay. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan." Tama. "Hindi na hahatulan pa kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ako ang pagkabuhay na muli, at ang Buhay," ang sabi ni Jesus; "ang sumasampalataya sa Akin, bagama't mamatay, ay muling mabubuhay: At sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di na kalian man mamamatay..."

Patay ba si Lazaro? "Siya ay natutulog." "Huwag kayong matakot, ang batang babaeng iyon ay di patay, kundi natutulog." Tinawanan nila Siya na may panlilibak. Tama ba 'yon? Ay, naku. Kita n'yo, ang mga banal ay di namamatay. Ang pagkahiwalay sa Diyos ay kamatayan, eternal na kamatayan, at ang tawag sa lalaking ito ay kamatayan. Kaya't layuan n'yo siya.

86 Ano siya? Isang sistemang makaorganisasyon, ang una, ang kauna-unahang iglesiang inorganisa. At nang tanggapin niya ang pagkaunawa ni Contantine sa Konseho ng Nicaea... Tinalakay natin ang mga babaeng iyon, kagabi, at ipinakita natin kung papaanong si Eba, ang unang nobya, bago pa siya mapuntahan ng kaniyang asawang lalaki, siya ay nahulog na sa pamamagitan ng di pagsampalataya sa Salita ng Diyos sa Eden. Ang espirituwal na Nobya ni Cristo na isinilang nung araw ng Pentecostes, bago pa Niya siya mapuntahan, anong nangyari? Nahulog na siya sa Roma. Ano? Isinuko niya ang kalinisan niyang mula sa Salita kapalit ng dogma. Amen.

Ay, naku. Nararamdaman ko na namang dinadapuan ako ng estimulasyon. Ang isipin iyon, na... Di ko sinasadyang mag-astang baliw. Hindi ko iyon sinasadya, ngunit ako'y sadyang... Hindi n'yo nauunawaan kung anong ginagawa niyon sa akin. Apat na araw ko na itong inuupuan, sadyang, ito'y sadyang... Kailangan kong magsabi ng isang bagay upang medyo maging parang tao na muli ang pakiramdam ko. Alam n'yo kung anong ibig kong sabihin. Sige.

Pag nagsimula kang mangusap nang ganiyan makakakita ka ng mga pangitain sa buong dakong ito. Tama. Kita n'yo, iyan ang dahilan kaya nagsasabi ako ng isang bagay upang maibalik ang aking sarili, makabalik na muli. Kita n'yo?

87 Hindi n'yo ba napapansin kapag nagpapapila tayo para sa discernment? Magsasabi ako ng isang bagay na magpapatawa sa mga tao; at magsasabi rin naman ako ng magpapaiyak sa mga tao; pagkatapos ay magsasabi ako ng isang bagay na magpapagalit sa kanila. Mayroon akong nakikita; magsasabi ako ng isang bagay upang malaman kung papaano ito makaaapekto. At tinitignan ko kung anong uri ng liwanag ang nasa ulunan nila, kung anong mangyayari. Alam ko kung nasaan na iyon, kung iyon ba'y nananawagan o hindi. Kung hindi—nakaupo ro'n ang isang tunay na mananampalataya, tama.

Pag tinawag mo sila, at sinabi mo, "Ikaw na si Ganito-at-ganun." At pag nagpatuloy ka, papahiran ka ng Espiritu, at magsisimula kang makakita ng ganung pagliwanag na nagmumula sa lahat ng dako (Kita n'yo?), sa paligid ng silid. Iyan ang dahilan kaya nagsasabi ako ng isang bagay, upang makapagsimula akong muli, makapag-umpisa ulit. Kita n'yo?

Ngayon, magmula pa nung Linggo umuupo lang ako sa isang silid, nananalangin, ganun lang, sa ilalim ng pagkapahid; at alam kong ito ay tama. Sumasampalataya ba kayo sa Diyos? Alam kong sumasampalataya kayo. Magmatiyag lang kayo sa dulo ng linggong ito. A-ha. Kita n'yo? Kita n'yo? Sige. Kita n'yo?

88 Ngayon, ang kamatayan ay nangangahulugan ng eternal na pagkahiwalay sa Diyos. Tandaan n'yo ngayon, ang mga banal ay di namamatay. Alalahanin n'yo, ang kaniyang nobya ay binigyan ng isang maputlang kabayo... Ang ibig kong sabihin, ang mangangabayong ito ay binigyan ng isang maputlang kabayo upang magamit sa paghayo, ibinigay sa kaniya ang kabayong ito sa kaniyang paghayo. At sinakyan niya ang maputlang kabayong ito ng kamatayan. Ngayon, alam natin kung ano iyon. Alam natin kung ano'ng iglesia iyon.

At alalahanin n'yo... at kagabi, hindi lang siya isang patotot, siya ay ina ng mga patotot. At nalaman nating kaya siya naging isang patotot ay dahil sa ang ganung uri ng babae ay... (Akin lamang... Isa itong tahasang pangungusap para sabihin sa gitna ng mga magkakahalong tagapakinig, ngunit iyan ang sabi ng Biblia. Kita n'yo?).

Kaya't nauunawaan natin na iyon ay isang babaeng namumuhay nang di tapat sa kaniyang mga sinumpaan sa kaniyang kasal. At 'kita n'yo, siya raw, ayon sa kaniyang sarili—tinatawag niya ang kaniyang sarili na reyna ng kalangitan. Iyon ay nobya ng Diyos, ang Diyos ay si Cristo.

At nakita nating siya ay nakikiapid; at tinutulak niya ang mga hari sa lupa na makiapid, at lahat ng mga mayayaman, at mga dakilang tao; hinabol siya ng buong mundo. Kita n'yo? At nalaman nating nagluwal siya ng mga anak na babae, at sila ay mga patotot.

89 Ano pa nga ba ang isang patotot kundi isang bayarang babae, pareho lang, isang makikiapid, pakikiapid, masama, pangangalunya, pagkakasala... Ano'ng ginawa nila? Nag-organisa, kumuha ng isang sistema, nagturo ng mga sistemang gawa ng tao, Pentecostal at ang buong lupon.

Ngayon, huwag n'yong hayaang magkubli ang inyong konsensiya, Pentecost. Ngunit hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Tignan natin ang bagay na ito nang mukhaan. Masyado nang malayo ang natakbo natin sa daan upang mag-urong ng mga suntok.

Tumingin kayo rito. Tayo ay nabubuhay sa Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea, at iyon ang pinakakakatuwang kapanahunan sa lahat, maligamgam at natatanging kapanahunan na si Cristo ay nasa labas at nagsisikap na muling makapasok; at iyon ang mensaheng Pentecostal...?... Ang sabi, "Ako'y mayaman." Aba'y, mahirap ka nung una. Ngayon, talagang yumaman ka (Kita n'yo?), di nangangailangan ng anuman, at—at lahat ng kung ano ka.

At ang sabi Niya, "Ika'y hubad, maralita, bulag, dukha, aba, at hindi mo nalalaman."

Ngayon, kung ang isang tao ay hubad doon sa kalsada at at ito'y alam n'ya, aba'y, sisikapin niyang tulungan ang kaniyang sarili; ngunit kapag di niya ito alam, at di mo siya masabihan, kung gayo'y malala ang kaniyang kalagayan. Kahabagan nawa siya ng Diyos. Tama.

90 Pansinin n'yo. Ay, naku. Ngayon, alalahanin, ang anticristong ito mismo, bilang isang lalaki, ang nobya niya na walang iba kundi ang kaniyang iglesia, ay pinagkalooban ng pagkakataon upang magsisi; at hindi siya nagsisi sa kapanahunan ng iglesiang iyon, Tiyatira. Naaalala n'yo ba? Kita n'yo?

Buweno, magbalik tayo sandali. Hindi makasasakit na bumalik sandali. Magbalik tayo, una—sandali lamang sa ikalawang kabanata. Babasahin na lang natin—ang ikalawang kabanata ng... Ngayon, Tiyatira. Ngayon, masdan n'yo na ito nang mabilis na mabilis. Naku, halos oras na para magtapos, at di pa tayo nakapagsisimula. Ngunit...

91 Pansinin n'yo, Tiyatira. Ngayon, nagsisimula 'yon sa ika-18 talata ng ikalawang kabanata.

... sa anghel... (Iyon ay ang mensahero.)... ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli;

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pag-ibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una.

Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahihintulutan mo ang babaing si Jezebel...

92 Hayan. Kilala n'yo siya sa Biblia. Siya ang asawa ni Achab. At hayan ang babae, iglesia, Jezebel, ang asawa ng bulaang propetang asawa daw ng tunay na propeta ng Diyos: ang papa (Tama.), ang tunay na propeta at ang kaniyang asawang si Jezebel. Ngayon, dapat sana si Achab ay isang tunay na Judio, ngunit buhong siya; alam n'yo 'yon. Sapagkat pinangunahan siya ng kaniyang asawa paano man niya gustuhin. Nalaman natin na kinuha ni Jezebel ang kaniyang pera at pinangunahan niya rin ang mga ito paano man niya naisin.

... na nagpapanggap na propetisa... (Nakuha n'yo?)... na nagtuturo at... humihikayat sa aking mga lingkod... (kita n'yo, ang turo ni Jezebel na iyon ay sadyang lumaganap sa bansa.)... upang makiapid,... kumain ng mga bagay na inihahain sa mga dios-diosan.

... binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi... (Kita n'yo?)... sa kaniyang pakikiapid; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. (Masdan n'yo ang kasunod na talata.)

... akin siyang iraratay sa higaan... (Iyon ay ang impiyerno.)... at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian... (Iyon ay ang pagpasok sa dakilang kapighatian, hindi ang Iglesia ha.)... maliban na kung sila'y magsisi sa kanilang mga gawa. (Ngayon, masdan n'yo rito.)

... papatayin ko ang kaniyang mga anak...

ang kaniyang mga patotot) ng kamatayan;... (Espirituwal na kamatayan... Naniniwala ba kayo ro'n? Iyan ang Salita. "Papatayin Ko sila ng kamatayan." At sila'y pinatay, sila'y nahiwalay magpakailan man.)

93 ama, naaalala n'yo, binigyan Niya siya ng puwang upang magsisi. Ang Kapanahunang Tiatira ay ang panahon ng karimlan. Ang kabayong itim ay humayo nung panahong iyon, kung kailan lahat ng mga misa at iba pa ay pinabayaran at ang mga panalangin at mga nobena at iba pa.

Ngayon. Nakikita n'yo na ang kabayong itim? Matapos niyang tumangging magsisi sa Tiatira (Masdan n'yo.) binago niya ang kaniyang pangangabayo mula sa itim patungo sa abuhin, kamatayan, para sa kaniyang huling ministeryo.

94 Ngayon, marahil ay uugain ko lang nang kaunti ang bawat isa. Pag tinatanggihan mo ang Diyos, ang panawagan ng Diyos, darating ang oras na gagawin mo iyon sa huling pagkakataon. At tulad ng nangyari sa iglesia, tapos na 'yon. Ang pasensya ng Diyos ay di parating magsusumamo sa tao. Kita n'yo? At nang tanggihan niya 'yon, at di niya tinanggap, nang magkagayo'y nag-iba na siya at nawala na; ngayon mayroon siyang pangalang kung tawagin ay kamatayan, pagkahiwalay.

Ang sabi ng Diyos, "Kukunin Ko maging ang kaniyang mga anak, ang mga Protestante, at ang bawat isa sa kanila'y papatayin ko ng walang hanggang pagkahiwalay." Hayan, Kapanahunan ng Tiatira, ang panahon ng karimlan. Ang kabayo niyang itim ay magiging kamatayan na para sa huli niyang ministeryo.

Tignan n'yo kung papaanong ang mga kapanahunan ng iglesia ay ganap na lumalakip sa mga Tatak, kung kaya't alam nating ito'y tama. Hindi nagkakamali ang Espritu Santo. Binigyan Niya tayo ng isang dakilang bindikasyon nung huling talakayin natin dati ang mga kapanahunan ng iglesia, alam n'yo na.

Tignan n'yo ang pagmamahal, at pagpapahinuhod ng Diyos. Bago Niya siya hinatulan, binigyan Niya siya ng puwang upang makapagsisi. At sa pangalan ng Panginoon ay sinasabi ko ito: ganun din ang ibinigay Niya sa iglesiang Protestante, ngunit ayaw niyang magsisi. Inuga ng mga mensaheng ito ang lahat ng dako, ngunit ayaw niyang magsisi. Magtataglay siya ng kaniyang sariling mga dogma at kredo; kahit gaano mo pa ipaliwanag sa kaniya.

95 Tulad ng sinabi ko sa Chicago, sa harap ng mas maraming mga ministro kaysa sa mga taong nakaupo rito... Siniki nila ako tungkol sa katuruan ng binhi ng serpente, at lahat ng iba pa. Ang sabi ko, "Kunin ng sinuman ang kaniyang Biblia at pumarito at tumayo sa aking tabi." Walang nagsalita ng anuman.

Ang sabi ni Tommy Hicks, "Hindi ko pa 'yan narinig nang ganiyan dati, Brother Branham. Gusto ko ng tatlong daan ng mga tape na iyon. Gusto kong ipadala ang mga iyon sa lahat ng mga ministro ko."

Mayroong mga limampu o pitumpung nagsabi, "Pupunta ako riyan upang muling magpabautismo." Dumating ba sila? Walang isa man sa kanila. Bakit? Binigyan Niya sila ng puwang upang magsisi.

Ibubulid Niya ang kanilang mga anak sa kamatayan, espirituwal na kamatayan. (Tatalakayin natin 'yan bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon, o sa Linggo ng gabi patungkol sa mga salot na magsisilampas. Masdan n'yo kung ano'ng mangyayari do'n.)

96 Tulad ng binigyan Niya ang Egipto, binigyan Niya ang Egipto ng puwang upang magsisi. Ano ang huling salot noon? Kamatayan. Iyon ang huling salot na tumama sa iglesiang Pentecostal. Ang espirituwal na kamatayan; siya'y patay na. Iyan ay sa Pangalan ng Panginoon. Siya'y patay sa espirituwal na kalagayan.

Binigyan Niya siya ng puwang upang magsisi, at ito ay tinanggihan niya; ngayon siya'y patay na. Hindi na siya muli pang babangon. At may mga taong nagsisikap na ipasok ang mga Episcopalian at mga pari at iba pa, at tinatawag silang "Father So-and-so." upang... Aba'y, dapat silang mahiya sa kanilang sarili.

Gaano katindi maaaring mabulag ang mga tao? Di ba't sinabi ni Jesus na nang ang natutulog na dalaga ay bumili ng langis, hindi siya nakakuha niyon?

97 Ang bawat isa... Narinig n'yo ang mga taong nagsasabi, "Mayroon akong Espiritu Santo; nagsalita ako sa iba't ibang wika." Ngunit ayaw nilang lumapit sa isang iglesiang tulad nito. "Oh, alam n'yo, palagay ko di ko nais maglalapit sa isang dakong tulad niyan." At pagkatapos ay sasabihin mong mayroon kang Espiritu Santo? Ngunit nais n'yo ng inyong marangal na gawi. Nais n'yong manatili sa Babilonya pagkatapos ay magtamasa pa rin ng mga pagpapala ng kalangitan.

Kailangang mamili kayo. Hindi maaaring manatili kayo sa sanlibutan at maglingkod sa Diyos nang sabay. Ang sabi ni Jesus hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa mga kayamanan.

Kung hindi kayo aasang... Kung talagang naligtas kayo, masisiyahan kayo sa mga pagtitipon kung

saan ay binibindika ng Espiritu Santo ang Sarili Nito at ipinapakitang ang Salita ng Diyos ay totoo.

98 May nagsabi, "Mayroong mga taong masyadong nag-iingay. Ninenerbiyos ako." Ninerbiyosin ka kung makakarating ka sa langit. At isipin mo na lang kapag lahat sila ay naroon na; papaano na?

Ay, naku, gaano kanais ng Panginoon na dalhin... Si—Siya'y mapagpahinuhod tulad noong mga kaarawan ni Noe. Nagsikap Siya nang husto. Nagtiis Siya sa loob ng sandaan at dalawampung taon upang sila ay makapagsisi; ayaw nila.

Sa mga kaarawan ng Egipto, nagsugo Siya ng mga salot at lahat ng iba; ayaw din nila. Isinugo Niya si Juan; ayaw nilang manumbalik.

Isinugo Niya si Jesus upang mamatay upang iligtas ang buong lupong dirinig ng Salita.

99 At ngayon sa huling mga araw, nangako Siya muling magsusugo Siya ng isang mensahe upang manawagan palabas at isauli ang orihinal na pananampalataya sa Salita, ngunit ayaw nila itong tanggapin. Masyado silang dogmatic sa kanilang mga katuruan at mga kredo hanggang sa mayroon na silang... Oh, iniisip nilang kung mayroon silang isang... Kung mayroong isang Anghel na nanaog...

Ngunit hindi gumagawa ng ganiyan ang Diyos. Kumukuha Siya ng isang ignorante at hangal, isang di halos alam ang a-ba-ka-da o anuman, at ganung uri ng tao ang kukunin Niya; 'pagkat kaya Niyang kumuha ng isang walang sinabi at pagkatapos ay kikilos Siya sa pamamagitan niyon. Habang iniisip ng isang tao na may sinabi siya, wala siyang mapaggagamitan. Sa tuwina ay ganun ang ginagawa Niya. Kailangan mong maging walang sinabi upang maging isang may sinabi sa Diyos.

100 Ay, naku. At pansinin n'yo. Ganunpaman, binigyan Niya siya ng puwang upang magsisi, ngunit hindi niya 'yon ginawa. Inulit Niya; ayaw niya pa rin. Ang kaniyang pagtanggi, ang naging dahilan ng kaniyang pagiging... o... Ang kaniyang pagtanggi ay ganap na nagbigay daan upang makapasok sa kaniya si Satanas at magkatawang-tao (Tama.), nagkatawang-tao sa kaniya dahil tinanggihan niya ang Salita, at ganiyan din nagiging patotot ang Protestanteng iglesia dahil tinatanggihan niya ang binindikang Katotohanan ng Salita ng Diyos, at iyon ay magbibigay sa diablo ng lugar upang makapasok at magkatawang-tao, at siya ay gagawa ng isang larawan ng hayop kapag sila ay nagkaisa, naroon na sila ngayon, at hahayo sila at ganap na tutuparin kung anong sinabi Niya. Tama. Amen.

Kung nakapag-aral lang ako, mailalahad ko ito. Wala akong edukasyon. Umaasa lang ako na ihahayag ito ng Espiritu Santo sa inyo.

Gagawin Niya sa mga... Tama. Gagawin Niya iyon.

101 Pansinin n'yo. Tignan n'yo kung papaano—kung anong ginawa niya rito. Tinanggihan niya ang mensahe ng Diyos na nag-uutos sa kaniyang magsisi. Nagsimula siya bilang isang anticristo, at ganun nga siya noon. Naging isa siyang bulaang propeta, isang nagkatawang-taong diablo, at nang magkagayon siya sa pamamagitan ng kaniyang bulaang katuruan... At sa lahat ng iyon, binigyan siya ng Diyos ng puwang upang magsisi, sinikap Niyang pagsisihin siya.

Kita n'yo kung gaano mapagpahinuhod, gaano kamanghamangha ang pag-ibig na iyon? Walang pag-ibig na tulad niyon. Tignan n'yo pati yaong mga dumura sa Kaniyang mukha at iba pa, ay pinatawad Niya. Iyon ang Diyos. Kita n'yo? Huwag n'yong tanggihan ang mensahe ng Diyos.

Tignan n'yo, hinilingan siyang magsisi, magbalik sa pinaghulugan niya. At saan siya nahulog? Sa Salita. Siya nga. Saan nahulog si Eva? [Ang kongregayon ay sumagot, "Sa Salita."—Ed.] Saan nahulog ang denominasyon? [Ang kongregasyon ay sumagot, "Sa Salita."—Ed.]

Hayan. Kita n'yo? Walang ibang paraan, sadyang sa tuwina ay nagbabalik ito sa Salita, pabalik sa Salita (Kita n'yo?), at sila naman ay pumapasok sa isang sistemang nagpapalayo sa kanila sa Salita, inilalayo sila sa Salita sa halip na ilapit sila sa Salita.

Pansinin n'yo. Tignan n'yo, binigyan siya ng puwang upang magsisi, makabalik. Ang pagsisisi ay nangangahulugan ng pagbalik, pagpihit pabalik, pagtalikod, pagsisisi, pagbalik. At siya ay binigyan ng puwang bumalik sa...

102 Ngayon, alalahanin n'yo, siya ang orihinal na Pentecostal na iglesia na binuhusan ng Espiritu Santo nung araw ng Pentecostes. Gaano ba karaming mag-aaral ng Biblia ang nakaaalam niyan? Tunay nga, Siya iyon. Tignan n'yo kung saan siya umalis. Siya ay nahulog sa Salita at tumanggap ng mga dogma. Umaasa siyang... Sa halip na Banal na Espiritu naghangad siya ng banal na tao: Duktor, LL., Ph., Q. U., at ginawa niya siyang isang papa. Kita n'yo? Tunay nga, ngunit siya'y—iyon ang ninasa niya, ang mayroong manalangin para sa kaniya, may mapagbayaran ng kaniyang pera, at iyon lang ang kailangan niyang gawin. Kita n'yo?

Ngayon, ganun din sa araw na ito. Basta't mayroon silang mauupuan, at nakapagbibigay nang malaki

sa collection plate, sapat na 'yon. Sila'y miyembro ng iglesiang iyon. Huwag n'yo silang sabihan ng iba pang bagay patungkol do'n. Ayaw nilang malaman 'yon. Iyon ay mga anak niyang babae.

Ngayon, saan siya nahulog? Sa orihinal na Salita ng apostolikong mga alagad at mga propeta. Doon siya nahulog. Doon nahulog ang mga Protestante.

Magsisi kayo. Magbalik kayo. Bumalik kayo bago mahuli ang lahat, kung di pa nga huli. Isa sa mga araw na ito ang Kordero ay aalis sa Kaniyang puwesto, at matatapos na ang lahat. Kaya't ang mga anak niyang babae ay sinabihan na ngayon, bago mahatulang kasama niya, na magbalik na.

103 Ngayon, ang huling mensaheng makukuha nila ay kapag ang propetang ito na sinasabi ko, na binabasa ko sa maraming mga aklat... At alam kong batid ng mga lalaking tunay na matino at espirituwal na mag-isip na iyon ay darating. Kita n'yo, alam nilang iyon ay paparating. Kita n'yo, sila'y... Ngunit ang problema ay patuloy silang nagsasabi, "Kailangan namin iyon. Mangyayari iyon." At pagdating nito, magiging napakahamak nito baka di nila ito mapansin tulad ng naganap nung ibang pagkakataon. Tama.

Isusulat ito ng mga tao at lahat na, sasabihing, "Ah, oo. Kailangan iyong maganap," at hayaan mong maipakita ito sa kanilang harapan, sila'y magpapatuloy lang. Kita n'yo? Sa tuwina'y ganun ang ginagawa nila.

104 Pansinin n'yo ngayon. Ang orihinal na Salita, sila'y—kailangan niyang magsisi at magbalik. Samakatuwid ang kaniyang mga anak na babae ay inuutusan, sila'y hahatulan at iraratay sa iisang higaan at papataying kasama niya. Sila'y sinabihang magbalik sa orihinal na Salita, magbalik sa apostolikong aral; ngunit taling-tali sila sa kanilang mga kredo at iba pa, ayaw nilang sumunod. Pinagtatawanan lang nila ito.

Pagkatapos ay ano ang gagawin nila? Sa katapus-tapusan ay mabubuo sila sa larawan ng hayop, isa na namang kapangyarihan, pansinin n'yo, at tatratuhin ang Nobya ng Cordero tulad ng ginawa niya sa Apocalipsis 13:14. Iyon ang ginagawa nila, nang-uusig, ganun din.

Pinagtatawanan ng mga iglesia ang Nobya ni Cristo tulad ng dati nang ginagawa ng Roma (Ganun nga. Opo.), tatratuhin ang tunay na Nobya ng Cordero tulad ng ginawa niya sa Apocalipsis 13:14.

Ngayon, pansinin n'yo, nakikita natin sa pamamagita ng Salitang pangako ng Diyos, papatayin Niya ang kaniyang mga anak, ang mga denominasyon, ang mga anak niyang babae, sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan. (Ngayon, iyan ay sa Apocalipsis 2:22. Huwag n'yong kalilimutan.) Ang pagpatay ay pagsadlak sa kamatayan, at ang kamatayan ay eternal na pagkahiwalay sa Presensiya ng Diyos. Isipin n'yo iyon, mga kaibigan. Isipin n'yo 'yan. Huwag kayong magtitiwala sa anumang kredong gawa ng tao. Anumang salungat sa Salita ay iwasan n'yo.

105 Ngayon, masdan n'yo. Masdan n'yo rito sa Biblia. Ang sabi ang pangalan niya ay hades, at... Ang ibig kong sabihin ay ang pangalan niya ay kamatayan, at ang hades ay sumusunod sa kaniya. Ngayon, ang hades ay palaging kasunod ng kamatayan sa natural.

Kapag namatay ang natural na tao, nakasunod sa kaniya ang hades; iyon ay ang libingan, hades (Kita n'yo?); iyon ay sa natural. Ngunit sa espirituwal ito'y dagat-dagatang apoy. Kita n'yo? Tama. Kita n'yo, ito'y eternal na pagkahiwalay kung saa'y matutupok sila at sadyang...

At ang sabi ng Malakias 4, "anupa't di mag-iiwan sa kanila ng kahit na ugat ni sanga man o ng anupamang iba pa." Ganun ang paraan ng muling paglilinis sa sandaigdigan para sa milenyo. Kita n'yo?

106 Napansin n'yo ba, na ang mangangabayo ay isang lalaki, at "siya (he) ay may hawak..." Lalaki, bulaang propeta, ngunit ang nobya kung tawagin ay iglesia, she, Jezebel: Achab, Jezebel. Aba'y, tamang tama ito, hindi ba? Kita n'yo? Ang mga anak na babae ay she rin, ngunit hindi tumanggap ng pagkapangulo ng isang lalaki.

Ginagawa iyon ng mga Protestante. Ngunit patotot pa rin sa prinsipyo ng kanilang doktrina, denominasyon, mga sistema... Iyon lang—iyon ang sinasabi nito.

107 Pansinin n'yo. Saan lahat ito mauuwi? (Ngayon, mayroon na lang tayo ritong labindalawa, o labing-apat na minuto, sa wari ko.) Tignan n'yo kung saan mauuwi ang lahat ng ito. Ano iyon? Magbabalik ito tulad ng una. Nagsimula ito sa langit; hahantong ito sa pakikibaka sa huling panahon.

Ang unang naganap sa langit ay isang pakikibaka. Si Lucifer ay sinipa at napunta sa lupa; pagkatapos ay dinumihan niya ang Eden. At magmula noon ay ganun na ang ginagawa niya.

At ngayon, mula sa pakikibaka sa langit, hahantong ito sa pakikibaka sa ibabaw ng lupa, at matatapos ito sa lupa sa huling panahon sa isang labanang kung tawagin ay Armageddon. Ngayon, alam iyon ng bawat isa. Ang labanan ay nagsimula sa langit. Banal... At nang magkagayon, sila'y sinipa nila. Nagapi sila nina Miguel at ng Kaniyang mga anghel—itinaboy sila. At nang mangyari iyon, sila'y nahulog

sa Eden, at dito naman nagsimula ang labanan sa ibaba.

108 Nawa... Binakuran ng Diyos ang Kaniyang mga anak ng Kaniyang Salita; at inilabas naman ni Eva ang kaniyang leeg, at ang sabi, "Sa paniwala ko ay tama ka, siguro..." At hayun na, nagkaganun na magmula no'n. Pagkatapos ay bumaba ang Diyos, at ngayon kailangan Niyang... Bumaba Siya upang tubusin ang mga magsisibaba... Tulad ng sinabi ko, "Ang Diyos ay tulad sa isang dakilang kontratista. Inilalapag Niya lahat ng materyales Niya sa ibabaw ng lupa, at saka Niya itinatayo ang Kaniyang gusali."

Ngayon, alalahanin, bago nagkaroon ng butil ng—ng binhi sa ibabaw ng lupa, bago nagkaron ng araw na sumilay sa lupa, ang katawan n'yo ay nasa lupa na, dahil kayo ay alabok ng lupa. Kita n'yo? Ganun kayo. Ang Diyos ang Kontratista.

109 Ngayon, gagawin Niya iyon tulad ng ginawa Niya kay Adan, dadampot Siya ng isang bungkos ng kaunting, potash at cosmic light, at, "whew" [Umihip si Brother Branham—Ed.] Ang sabi, "Hayan ang isa Ko pang anak." Kita n'yo? At magpapalitaw Siya ng ilan pa at, "whew" [tunog ng pag-ihip—Ed.], "Hayan pa ang isa."

Ngunit ano ang ginawa ni Eva? Sinira niya ang paraang iyon, at nagluwal siya sa pamamagitan ng pakikipagtalik; at tinira ito ng kamatayan.

Ngayon, ano'ng ginagawa ng Diyos? Napakarami Niyang mga binhi roon na predestinado, marami sa mga predestinado, at sa huling panahon, hindi Niya sasabihin, "Eva, magsilang ka ulit ng isa pang bata." Ang gagawin Niya ay, "whew" [tunog ng pag-ihip], tatawag Siya at ako'y sasagot. Tama. Iyon ang ideya. Kapag naipasok na ang kahuli-hulihan, tapos na.

110 Ngayon, ang labanan ay nagsimula sa langit. Matatapos ito sa lupa sa anyo ng Armageddon. Ngayon, masdan natin itong nagaganap. At marahil ay mailalantad natin ito kung tutulungan tayo ngayon ng Panginoon. Masdan n'yo itong nailalantad.

Ang mahiwagang mangangabayo (Masdan n'yo kung ano'ng gagawin niya ngayon.) ay kumontra, tumangging magsisi at magbalik sa orihinal na dugong Salita. Ang Salita ay naging dugo at laman (Kita n'yo?); tumanggi siyang magbalik do'n. Siya ang anticristo... Ang tunay na Salitang Nobya ay ang... Siya'y ay kumakalaban sa tunay na Salitang Nobya. Kukunin niya ang kaniyang sariling nobya (Kinakalaban niya rin ang tunay na Nobya.), at kukunin niya ang nobya niya at ihahatid niya sa kaniyang sarili sa anyo ng relihiyong kung tawagin ay mga kredo at dogma. Kita n'yo?

At ngayon, pagkakita niya sa banal na Nobya, siya ay laban sa kaniya, ngunit siya ay bubuo ng kaniyang sariling nobyang kung tawagin ay anticristo sa pamamagitan ng anticristong katuruan, na kontra kay Cristo. Nakikita n'yo ba kung gaano siya katuso? At ngayon, sa halip ng pagkakaroon ng pagkakaisa ng pag-ibig na namamahala sa pagsamba sa ilalim ng Dugo, ang mayroon siya ay isang denominasyon. Sa halip na taglayin ang Salita, tumanggap siya ng mga kredo, dogma, at iba pa.

111 Tulad sa mga Protestante naghahayag sila ng Apostles' Creed. Nais ko ng isa mang salita nito sa Biblia. Aba'y, walang Apostles' Creed sa Biblia. Tulad ng sinabi ko rito di pa katagalan sa isang lugar, "Kung may kredo ang mga apostol, iyon ay ang Mga Gawa 2:38." Iyon ang buong nalalaman kong taglay nila. Iyon ang iniutos nilang tuparin ng bawat isa. Nang makasumpong siya ng tila mga Cristiano, ang sabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula nang kayo ay sumampalataya?"

Ang sabi nila, "Hindi namin alam kung mayroon bang..."

Ang sabi niya, "E paano ba kayo nabautismuhan?"

Ngayon, ang mabautismuhan sa Ngalan ni Jesus o sa Ngalan ng Panginoong Jesus Cristo, ang ibig kong sabihin, ay mabuti, ngunit hindi pa iyon ang lahat. Hindi pa po. Maaari kang mabautismuhan ng limampung beses nang ganun, at wala anumang maidudulot iyon na buti malibang mabago ang puso mo ng Espiritu Santo. Kailangang magkalakip-lakip ang lahat.

112 Pansinin n'yo, iyon ay—si Cristo iyon... Tinatanggihan ng anticristo ang tunay na doktrina ng Nobya, kung kaya't kukuha siya ng sarili niyang nobya at itatatag niya siya sa ilalim ng sarili niyang kredo, kukuha siya ng sarili niyang kredo at gagawin niya siyang isang denominasyon. Nagluluwal siya ng iba pang mga denominasyon, tulad ng sabi sa banal na Kasulatang ito: nagluluwal siya ng mga anak na babae. At hindi siya—at nagiging tulad siya ng kaniyang ina: natural, makamundo, makadenominasyon, sumasalalungat sa espirituwal na Nobya, ang Salita. Hindi nila sinasabing di sila kabilang sa iglesia. Pag kinausap mo ang isang makadenominasyong tao, "Tunay nga, kabilang ako sa iglesia."

"Cristiano ka ba?"

"Kabilang ako sa iglesia."

Walang anumang kinalaman 'yan do'n. Kita n'yo, ang sabi ko... Hindi ka sumasali sa...

113 Maaari kang sumali sa kung tawagin ay iglesia (Kita n'yo?), mapasali sa isang iglesia. Hindi iyon iglesia.

Ang mga iyon ay hindi iglesia; mga tuluyan ang mga iyon kung saan ang mga tao ay nagsasama-sama at... nagkakainan tulad ng "mga ibong magkakapareho ng balahibo..." ngunit kayo ay iisa lang na Iglesia; at iyan ang mistikal na Katawan ni Cristo.

At hindi mo iyan sinasalihan; isinisilang ka riyan. Tulad ng palagi kong sinasabi, "Limampu't tatlong taon na ako sa pamilyang Branham at di ko iyon sinalihan. Ako'y ipinanganak do'n." Kita n'yo?

114 Ngayon, pansinin n'yo, naitipo ito nang napakaganda (May isinulat ako ritong Kasulatan, ngunit ako'y... Wala na tayong oras para puntahan iyon.) kina Esau at Jacob. Ngayon, si Esau ay isang relihiyosong tao; hindi niya sinasabing di siya mananampalataya. Naniwala siya sa kaparehong Diyos na pinaniwalaan ni Jacob, parehong Diyos na pinaniwalaan ng kaniyang tatay, ngunit sadyang isa siyang mandarambong (o, ipagpaumanhin n'yo ang pagkakasabi ko) sadyang... Siya ay sadyang di mabuti. Si—si—siya ay...

Ngayon, kung pagiging moral ang pag-uusapan, tunay na isa siyang mas moral na umastang lalaki kaysa kay Jacob. Ngunit nakikita n'yo ba, hindi siya nag-isip... "Oh, ano bang kinalaman ng pagkapanganay dito?" at pinagbili niya ang kaniyang pagkapanganay. Kita n'yo?

Ngunit si Jacob, wala siyang malalaking mga bagay tulad ni Esau. Wala siyang taglay na mana tulad ng sa kaniya. Ngunit may isang bagay na hinangad si Jacob, ang pagkapanganay; at kung papaano man niya iyon dapat kunin, basta't kukunin niya iyon; at nirespeto siya ng Diyos.

At, ganun din sa araw na ito sa natural na tao, sa karnal na pag-iisip, sa makamundo kung mag-isip. "Buweno, kabilang ako sa pangunahing simbahan ng bansa." "Kabilang ako sa ganitong simbahan." "Kabilang ako sa ganiyan." Wala iyong isa mang kinalaman dito, walang anuman.

115 Masdan n'yo. Iniipon na niya ang mga iyon sa kaniyang kabayong magkakahalo ang kulay. Iniipon niya ang mga iyon sa kaniyang kabayong magkakahalo ang kulay sapagkat mayroon siyang kapangyarihang pulitikal. Kung di kayo naniniwalang mayroon siya niyon, papaanong nakapasok ang presidenteng ito ngayon?

Papaanong nakalusot iyon? Pumarito tayo para sa kalayaan ng relihiyon, at kayong mga Democrat ay nagbebenta ng inyong mga pagkapanganay sa pulitika. Wala akong... Mga Democrat... ang mga partido ay parehong bulok (Ang Cristianismo ang aking tinutukoy.) Ngunit ibinibenta n'yo ang inyong pagkapanganay sa isang tiket ng Democrat upang magpasok ng isang bagay na ganiyan. Nakakahiya kayo.

116 Hindi n'yo ba napagtatantong ang bansang ito ay katulad na katulad ng Israel? Ano ang ginawa ng Israel? Nagpunta siya sa isang banyagang lupain at itinaboy ang mga naninirahan doon at sila'y pinagpapatay at saka pumasok at kinubkob ang lupain. Ganun din ang ginawa natin. Ang mga Indian ang tanging tunay na mga Amerikano, ang ating mga kaibigang Indian. At ano ang ginawa nila?

Nagkaroon ang Israel ng ilang mga dakilang lalaki. Nalaman mo na lang... Nagkaroon sila ng David at ng Solomon; nagkaroon sila ng mga dakilang lalaki. At hanggang sa magkaroon sila ng isang taksil, si Achab, na nakipag-asawa kay Jezebel, na isang di mananamapalataya.

Buweno, ganun din ang ginawa natin. Nagkaroon tayo ng isang Washington at ng isang Lincoln, ngunit tignan n'yo kung ano nang mayroon tayo ngayon. At kaperong kapareho rin, siya'y nakipag-asawa at nakisawsaw at nakilublob kay Jezebel. Maaaring isa siyang mabuting uri ng tao, ngunit ang babaeng iyon ang magpapatakbo ng mga bagay-bagay. Nakikita n'yo na iyon ngayon; ang buong pamilya ay pumapasok na.

117 Ano ang sinabi sa akin ng Espiritu Santo mga tatlumpu't limang taon na ang nakararaan (At lahat kayong mga datihan ay nakaaalam nito.) tugkol sa pitong mga bagay na magaganap bago ang wakas? Ito ang huling—susunod sa pinakahuling bagay na darating. Lahat ng iba pa ay naganap nang eksaktong eksakto hanggang sa mga digmaan at iba pa. Kita n'yo?

At ngayon, nasa mga kamay na ng babae ang pamamahala ng bansang ito, Jezebel (Kita n'yo?), ngunit alalahanin n'yo, sa mga kaarawan ni Jezebel mayroong isang tunay na nagsabi sa kanila ng kanilang kulay.

118 Upang pagsama-samahin sila sa kanilang mga kabayong magkakahalo ang kulay... Kita n'yo? Pinagsasama-sama niya ito, kasama na ang mga kredo, mga denominasyon, mga doktrinang gawa ng tao. Tama ba? Tunay nga, isang halo-halong kulay—ang pinaghalo-halong kulay ng patay, abuhing kabayo ng sanlibutan... Ngayon, tama iyon. Pinaghalo-halong kulay ng patay, makamundong anyo ng kabayong abuhin.

Ay, naku. Walang wala talagang banal na dugo ng Salita. At masdan n'yo, mula sa mga sulok—sa apat na sulok ng mundo, pinagsasama-sama sila. Tinitipon sila sa Armageddon, ang sabi ng Biblia. Sinisikap kong isipin ang mga Kasulatan. Isinulat ko ang mga iyon dito. Hindi ko na babanggitin ang mga iyon ngunit lamang ay... kung saan nakasulat ang mga ito—tignan natin kung ano ang mga iyon. Titipunin sila sa dakilang araw ng pakikipagbaka ng Panginoong Diyos. Masdan n'yo.

119 Ngayon, nakasakay sa pinaghalo-halong kulay, makamundo, maputla, may sakit na kabayo... Isipin n'yo na lang. Alam n'yo na masama iyon. Ngayon, masdan n'yo mula saan niya sila titipunin—mula sa apat na sulok ng mundo. Sila ay nagkakatipon na ngayon para sa paghaharap. Ang paghaharap ay magaganap sa Armageddon ayon sa Salita (Kita n'yo?) sa kabayong maputla, nakasakay siya roon na may nakakabit na kamatayan, na may pangalang nakakabit sa kaniya, kamatayan. Ang anticristo... Makinig kayo, ang anticristo, unang denominasyon. Hindi maaaring espiritu iyon. Kasama ang kaniyang Jezebel, isang patotot sa Salita, kasama ang mga anak niyang babae—nagtitipon-tipon na ngayon ang mga Protestante na may pagkakaisa.

Narinig n'yo ba ang mga Baptist na nangungusap dito nung isang araw, alam n'yo? Ha? "Oh, hindi kami sasali sa kanila, ngunit kakaibiganin lamang namin sila at makikisama.

Hindi namin kakailanganing sumali sa kanilang simbahan, ngunit..." Hayan; hayan, ganiyang ganiyan ang sinabi ng Salita rito (Kita n'yo, kita n'yo?), matandang patotot na siya una pa man. Kita n'yo?

120 Ngayon, nagsasanib-sanib, patungo sa labanan sa Armagedon at nakasakay sa kabayong magkakahalo ang kulay, kasama ang kabayong puti, ang kabayong pula, ang kabayong itim, ang tatlong magkakaibang kapangyarihang pulitikal—isang kapangyarihang pulitikal, espirituwal na kapangyarihang kontrolado ng kapangyarihan ng demonyo na walang iba kundi ang anticristo, pagsama-samahin mo ang mga iyon, mayroon kang isang maputla, sakiting-pagmasdang bagay na sinasakyan niya. Tama. Ngayon, pansinin n'yo. Tignan n'yo kung ano'ng sinasakyan niya. Ang maputlang-pagmasdan, abuhing kabayo, pinagsama-sama ang itim, pula, at puti, papunta sa pakikipagbaka, tinitipon ang kaniyang mga tagasunod mula sa bawat bansa sa silong ng langit.

Hindi ba't ipinaliwanag ni Daniel ang panaginip at nakita niya ang guhit ng bakal sa bawat kaharian, patungkol sa Roma? Heto na sila, nagkakatipon. Ngayon, umupo kayo sandali nang matahimik para sa pagtatapos at makinig kayong maigi.

Nagtitipon-tipon na sila ngayon upang tuparin iyon, dala-dala ang kaniyang mga tagasunod mula sa apat na sulok ng mundo, nakasakay sa maputla, masasakiting kabayo na may magkakahalong tatlong kulay: iisang lalaki.

121 Ngayon, sa Apocalipsis 19, hindi lang siya ang naghahanda, kundi si Cristo ay naghahanda na rin upang katagpuin siya. Ang labanan ay magiging mainit at matindi. Si Cristo, sa Apocalipsis 19... Tinitipon ni Cristo ang ganang Kaniya, hindi mula sa apat na sulok ng mundo, sapagkat kaunting-kaunti lamang ang malalabi. Ano'ng gagawin Niya? Titipunin Niya sila mula sa apat na sulok ng kalangitan (Tatalakayin natin ang mga kaluluwa sa silong ng dambana bukas ng gabi, at makikita n'yo kung tama ba ito o hindi.)—apat na sulok ng kalangitan nang nakasakay sa kabayong singputi ng niebe. Mayroon din Siyang pangalan, hindi kamatayan, kundi ang Salita ng Diyos, Buhay. Amen.

Nakasulat iyon sa Kaniyang hita: Ang Salita ng Diyos. Iyon ang tanging Buhay sapagkat ang Diyos lamang ang tanging pinagmumulan ng Buhay na Walang Hanggan: Zoe. Tama ba?

122 At may nakasulat sa Kaniya, "Buhay," nakasakay sa isang kabayong puti, at narito naman ang isang lalaking mayroong tatlong magkakaibang kapangyarihan, na pinaghalo-halo, na kung tawagin ay kamatayan, tinitipon ang kaniyang mga makalupang delegado, at si Cristo naman ay tinitipon ang Kaniyang mga tagasunod na isinilang sa langit, mga banal.

May kamatayan na nakasulat sa kaniya; si Cristo'y may Buhay na nakasulat sa Kaniya. Ang mga kasama Niya ay nakasakay din sa mga kabayong puti, at sila ay tinatawag na "pinili bago pa itatag ang sanlibutan," (Amen.) at sila ay tapat sa Salita. Amen.

Whew. Gusto ko iyon. Tinawag, pinili bago pa itatag ang sanlibutan, at tapat sa Salita sa pamamagitan ng kanilang pagkapili, lahat ay pinasisigla ng bagong alak at langis at nangangabayo, papasalubong sa Kaniya. Alam nila na ilulunsad iyon ng mga kulog sa lalong madaling panahon. Kita n'yo?

123 Masdan n'yo, kung papaano ang gagawin Niya? Samakatuwid kung Siya ang Salita, at ang Kaniyang Pangalan ay Salita, kung gayon ang Salita ay Buhay. Ang anticristo—anumang anti ay laban. Kaya't ang anti ay laban kay Cristo, ang Salita, kung gayon siguradong isa iyong kredo o isang denominasyon na laban sa Salita.

Aba'y, hindi ko makita kung papaanong di n'yo ito makukuha. Nauunawaan n'yo ba? Papaano n'yo ito di makukuha?

Hindi ko alam kung papaano, ngunit iyon ay totoo.

Ang anti ay laban. Di ba't tama iyon? Nagbabawas. Iyon siya. Nakasakay siya sa kaniyang kabayong halo-halo ang kulay. Nakikita natin iyon Dito sa Salita ng Diyos. Nakikita natin iyon sa pitong kapanahunan ng iglesia.

Narito't iyon ay ibinabalik Niya rin sa pagbubukas ng mga Tatak at nagpapakita ng mga bagay na naganap sa mga kapanahunan ng iglesia. Ang anti ay laban sa Salita. Kita n'yo na kung bakit tayo'y laban na laban sa mga kredo at mga denominasyon, sapagkat sila ay laban sa Salita. Kita n'yo?

124 Narito nakikita nating paparating na sa huling labanan ang Buhay at kamatayan. Ang kabayong puti ng tunay na Buhay, ang kabayong abuhin ng pinagsama-samang kredo. Nakikita n'yong ito'y humahantong na sa isang tunay na sagupaan.

Ngayon, nais kong magsabi ng isang bagay dito. Maaaring di n'yo ito paniwalaan, ngunit sinaliksik ko ito upang makatiyak. Mayroong isa lamang na orihinal na kulay; iyon ay ang puti. Ilan ang nakaaalam niyan? Iisa lang ang orihinal na kulay. Lahat ng iba pa ay may halo na. Si Cristo ay nakasakay sa isang puting putting, walang halong Salita na mula pa sa pasimula. Amen.

Bawat kulay ay magiging puti kung di nahaluan ng kung anong chemistry. Amen. Luwalhati. Bawat iglesia ay nakatayo sana sa aral na apostoliko ng Salita ng Diyos na pinagtitibay ng Diyos kung di ito nahaluan ng mga kredo at mga denominasyon. Hayan.

Oh, Brother Evans, ang ganda ng pakiramdam ko ngayon. Opo. Opo. Iisa lang ang orihinal na kulay, iyon ay ang puti. Hindi iyon—hindi iyon humalo kailanman sa mga denominasyon at kredo. Hindi po.

125 At alalahanin n'yo, ang Kaniyang mga banal ay nakadamit ng puti, hindi nahaluan ng mga denominasyon at kredo. Ngayon, nakita nating ang mga denominasyon at kredo ay... Dito n'yo nakuha ang inyong pinaghalo-halong kulay, ngunit orihinal na kulay itong Kaniyang sinasakyan. Ang orihinal na kulay ay nasa Kaniyang bayan, at sila'y nailubog sa Dugo na naglinis sa damit na iyon at nagsauli dito. Kita n'yo? Tama.

126 Yaong mga naghalo ay naging abuhin at nagtungo sa kamatayan. Pambabaluktot ang haluan mo ng kulay ang puti. Binabaluktot mo ang orihinal na kulay. Tama ba? Kung ang orihinal na kulay, ang tanging kulay ay puti, kapag hinaluan mo ito, binabaluktot mo ang tunay na layunin nito. Amen. Tama ba? At kapag... Kung Siya ang kabayong puti, at Siya ang Salita, kung gayon ang haluan iyon ng anumang bagay, anumang kredo, ang magdagdag ng isang salita, ang magbawas ng isang salita ro'n, ay magbabaluktot sa kabuuan nito. Ay, naku. Panatiliin Mo ako sa Salita, Panginoon.

Katotohanan at kamalian... Ay, naku. Gaaano man kabuti, iyon ay... Ang Katotohanan at kamalian ay hindi maaaring magsama. Hindi ito maaaring maghalo. Kung ito'y hindi ITO ANG SABI NG PANGINOON, mali ito. Di mahalaga kung anuman ang sabihin ng "Holy Father", ni Saint Boniface, o ng Arsobispo ng Canterbury. Hindi ko alam kung sinong nagsabi niyon; kung ito'y salungat sa Salita, ito'y pambabaluktot. Hindi ito maaaring maghalo.

127 328 Sasabihin n'yo, "Aba'y, ang lalaking ito ay gumawa ng..." Wala akong pakialam kung anong ginawa niya, kung gaaano man siya kabanal o anumang tulad niyan; ito ang tanging direktang Katotohanang mayroon tayo. Walang iglesia, walang kredong nagtataglay ng Katotohanan sa labas nito; at magpakita kayo sa akin ng isang nagtataglay niyon. Nais kong sabihin n'yo sa akin. Magbubuklat ako ng pahina sa Biblia at may ipapakita ako sa inyo. Kita n'yo, kita n'yo? Bumanggit lang kayo ng isa.

Sasabihin n'yo, "Pentecostal."

Ay, naku. (Nasapo ko ang kaisipang iyon mula sa kung kanino.) Mabuti pang iwanan ko na ito, sapagkat nakita kong nakasakit na. Hindi ko nais na saktan kayo, ngunit nais ko lang ipaalam sa inyong alam ko kung anong iniisip n'yo. Kita n'yo?

128 Yaong mga naghahalo ay ginagawang kamatayan ang anti (Kita n'yo?), nagiging kulay kamatayan kapag hinaluan n'yo ng anuman ang orihinal. Tulad ng sinabi ni Cristo tungkol sa buto ng mustasa. Bagama't pinakamaliit sa lahat ng mga binhi, ngunit di ito maaaring ihalo sa kahit anong binhi. Hindi hahalo ang mustasa. Siya'y tunay na mustasa; kaya't kung mayroon kang ganiyang pananampalataya, panghawakan mo lang ito.

Pansinin n'yo, sinusundan ng Buhay ang mangangabayong nakasakay sa kabayong puti na walang iba kundi ang Salita, Buhay, na binibindika ng Kaniyang mga nabuhay na muling mga banal na kasama Niya. Ngayon, paano magaganap ang digmaang ito?

Ang sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, bagama't mamatay ay muling mabubuhay." Ang sabi Niya, "Kung sumasampalataya kayo sa Akin—bagama't mamatay kayo, mabubuhay kayo, at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin kailan man ay di mamamatay."

Muli ay sinabi Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin..." Pagkakalooban Niya ng Buhay na Walang Hanggan, at ibabangon Niya sa huling araw. Iyan ang Kaniyang ipinangakong Kasulatan.

129 Narito si Satanas na kasama ang kaniyang mga Protestante at mga Catolico sa apat na sulok ng mundo, at sama-sama silang nagmamartsa patungo sa digmaan ng Armageddon. Tama. At narito't pumapanaog si Jesus mula sa langit kasama ang mga nabuhay na muling mga banal, ang binindikang Salita.

Tulad ng sabi ko, "Kung ang Diyos ang nagsalita at nagsugo sa iyo, susuportahan Niya anumang sabihin mo." Kita n'yo, kita n'yo?

Pansinin n'yo, kung ikaw ay ambassador mula sa langit, nasa likuran mo ang buong kalangitan. At ang langit ay binubuo ng Salita.

130 Pansinin n'yo ngayon, dumating Siya kasama ang mga nabuhay na muling mga banal, nagpapatibay na ang Kaniyang Salita ay totoo. Kaya't nalalaman ni Satanas na handa na para sa kaniya ang hukay na walang dulo. Kita n'yo? Ay, naku. Samantalang nakasakay ang kamatayan sa kabayong abuhin, sumusunod sa kaniya ang pinaghalo-halong kredo at mga denominasyon...

Ay, naku, sa eternal na pagkahiwalay sa Diyos, doon niya sila dinala—sa eternal na pagkahiwalay. Sinakyan ni Cristo ang Kaniyang Iglesia patungo sa kaluwalhatian sa pagkabuhay na muli.

131 Pansinin n'yo ngayon ang talatang 8—ang huling bahagi ng talatang 8 habang tayo'y nagtatapos (Kita n'yo?), "Binigyan sila ng kapangyarihan." Sino sila? Tama. Ang anticristo na kung tawagin ay kamatayan; nakasunod ang hades.

Masdan n'yo ang kaniyang pamamaraan na may apat na tulis. Anticristo, kabayong puti, pumapatay sa pamamagitan ng espiritu, dahil anticristo, pumapatay sa espirituwal.

Pangalawa: kabayong pula: pumapatay sa pamamagitan ng tabak, nang magsanib ang iglesia at ang estado.

Kabayong itim: mga kaluluwa kapag ipinamamahagi niya ang kaniyang doktrina, at ginawa niya iyon do'n sa pamamagitan ng kaniyang mga pakikiapid, at tinitimbang niya ang pagkain sa pamamagitan ng...

Ipinagbili ang kanilang... Kung ano'ng ibinibigay nila para sa tinitimbang na pagkain at sa mga denario at iba pa.

Ikaapat, isang kabayong abuhin: eternal na pagkahiwalay sa Diyos (apat na naman... Kita n'yo?). Ay, naku. Papuri sa Diyos.

132 Ngayon, ang huli, sa pagtatapos natin... Sa mga... Mayroon ba kayong... Lampas na ako sa oras. Ngunit mabibigyan n'yo ba ako ng sampu pang minuto? Napakarami kong tawag ngayong araw tungkol sa pagsasalita ko rito. Napakaraming napasimulang panatisismo tungkol kay Elias, hanggang sa iyon ay talagang... I—Iyon ay namartilyo na hanggang sa mamatay. At maaari n'yong... Ngunit kung iyon ay... Tulungan nawa ako ng Diyos na matulungan ko kayong makita kung ano'ng tinitignan ko, gusto n'yo ba? Subukan n'yo lang. Kita n'yo?

Ngayon, dito sa pagtatapos, sa mga di naniniwalang ang huling mensahero sa kapanahunan ng iglesia ay si Elias, na propeta, isang lalaking pinahiran sa ganung paraan...

Matapos na mamatay... Masdan n'yo. Matapos na mamatay ang huling iglesiang ito... Ngayon, mapapansin n'yo kung ano'ng nangyari. Matapos na mamatay, ang mga patay nilang katawan ay kinain ng mababagsik na hayop. Alam n'yo 'yon. Ngayon, iyon ay totoo.

Tulad din ng mga katawan nila yaong kay Jezebel.

133 Ngayon, buksan natin ang Apocalipsis 2:18 at 20. Sa paniwala ko ay natalakay natin ito kani-kanina lang, di ba? Siya nga, sa paniwala ko'y kakakuha lang natin niyon. Naisulat ko iyon dito dahil sa... Oo, ang panahon ng pagkabulok ng moral. Iyon nga 'yon. Kita n'yo kung papaanong... kung papaanong pumasok si Jezebel... Ngayon, si Jezebel ang mga iglesia, ang modernong iglesiang ito, hindi ang Nobya ha. Si Jezebel ng Lumang Tipan ay katipo ng iglesia ng araw na ito, ayon sa Salita ng Diyos sa Apocalipsis 2:18-20.

"Iyong pinahihintulutan ang babaeng si Jezebel, na tumatawag sa kaniyang sarili na isang propeta..." Kita n'yo? Tama ba? Ngayon, tipong-tipo ito kay Jezebel.

134 Ngayon, ang unang... Maaari natin kayong bigyan ng sunod-sunod na Kasulatan (Kita n'yo?), na ang huling kapanahunan ay isang makapropetang mensahe sa iglesia, na nanawagan sa kanila upang magbalik sa orihinal na Salita.

Ngayon, pansinin n'yo. Tama ba? Ganun ang sabi ng Malakias 4, at iba pa, ng Apocalipsis 10:7 pababa. Kita n'yo? Si Jesus mismo ang nanghula niyon hangang sa dulo; "kung papaano ang naganap sa mga kaarawan ni Lot" at iba pang tulad niyon at hanggang sa dulo. Tuloy-tuloy iyon.

135 Si Jezebel ay katipo ng modernong iglesia ng araw na ito, 'pagkat ang Catolico at ang mga Protestante ay nagsanib na ngayon. Tama. Wala nang paligoy-ligoy pa. Kapuwa sila mga denominasyon, kaya't para lang itong nanay at kapatid na babae. Ganun lang. Nagtatalo at nag-aargumento sila sa isa't isa, ngunit pareho lang sila, kapuwa sila mga patotot. Ngayon, hindi ako ang may sabi niyan. Hinahango ko ito sa ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tama.

Ngayon, napansin natin na si Jezebel ay pinatay sa utos ng Diyos—napatay siya dahil pinapunta ro'n ng Diyos si Jehu at ipinatapon siya sa bintana na ikinamatay ni Jezebel, at kinain ng mga aso ang kaniyang laman. (Tama ba?) Ang literal na Jezebel. Si Achab, ang hari niyang ulo: hinimud ng mga aso ang kaniyang dugo tulad ng inihula ni Elias.

136 Nakikita n'yo na kung saan papunta, di ba? Bakit? Ang unang Elias ay isang lalaking tinanggihan ng mga iglesia.

At sina Jezebel at Achab ang pinuno ng mga iglesia: ng iglesia at estado, magkasama ito. At isiniwalat ni Elias ang mga kasalanan ni Achab sa kaniya at inutusan ang buong iglesia na bumalik sa tunay na Salita.

Kung di ba naman iyan nga ang inaasahang gagawin ni Elias pagdating niya sa iglesiang ito sa araw na ito: ang ipanumbalik ang orihinal na pananampalataya. Hindi ko alam kung papaano kayong makatatakas dito. Tama. Magbabalik sa tunay na Salita. Tama.

137 Ngayon, kung nais n'yong makita ang mga katawan nila, buksan natin ang Apocalipsis 19 matapos na sila'y paslangin ng Salita. Ngayon, papatayin sila ng Salita. Alam n'yo iyon. Sige na, masdan n'yo lang at makikita n'yo kung anong mangyayari kapag paparating na si Cristo sa Apocalipsis 19, simula sa ika-17 talata.

At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw;...

Ngayon, pagkatapos na pagkatapos iyan ng... Tumingin kayo sa itaas nito. "At Siya'y nararamtan ng damit na itinubog sa dugo, at siya'y tinatawag na Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon." (Sa ika-13 talata, Siya'y tinatawag na Salita ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, heto Siya Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.)

At nakita ko ang isang anghel... (Ngayon, masdan n'yo. Humayo Siya.)

At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa:... (Mula sa Kaniyang bibig, tulad ng mula sa bibig ng Diyos patungo sa bibig ni Moises. Kita n'yo?)... at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at... niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

At nakita ko ang isang anghel...

(Ngayon, masdan n'yo, ngayon dumating Siyang pumapatay. Sinong pinapatay Niya? Si Jezebel at ang kaniyang Achab, na bulaang propeta.)

At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw; at siya'y sumigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng mga ibong lumilipad sa gitna ng himpapawid. Halikayo at mangagkatipon sa dakilang hapunan ng Dios;

138 Ipapakain Niya sila sa mga hayop at mga ibon. Ngayon, masdan n'yo rito sa iba pang kapitulo ng Aklat ng Apocalipsis. At... (Sandali lang.) "Papatay sa pamamagitan ng tabak at ng kamatayan at ng mga hayop sa lupa." Kita n'yo? Ang iglesiang Jezebel, ang aktuwal niyang katawan, ay kakainin ng mga ibon at mga hayop sa lupa. Katulad na katulad nina Achab at Jezebel sa natural, ganun din sila sa espirituwal na anyo ng iglesia. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sige.

139 Si Elias (Oh.), si Elias ang propeta sa panahon nina Achab at Jezebel, sa natural. At ipinangako Niyang ganun din ang gagawin Niya ayon sa ITO ANG SABI NG PANGINOON, sa Salita kay Jezebel, sa espirituwal: ang Espirituwal na anyo ng kaniyang ministeryo.

Masdan n'yo. Si Elias, bagama't wasto at lubusang binindika sa kaniyang panahon, di niya sila nagawang pabalikin sa Salita. Tama ba? Bagama't sinikap ni Elias sa abot ng kaniyang magagawa; ginawa niya ang lahat; nagpakita siya sa kanila ng mga tanda at kababalaghan; at tinawanan nila siya nang

harapan. Ganun din ang gagawin nila sa espirituwal na ito. Kita n'yo? Hindi niya magagawang pabalikin sila sa Salita.

140 Sa milyun-milyong... Ngayon, makinig kayo, Iglesia, magtatapos na ako, kayong mga maaaring malito sa bagay na ito.

Sa milyun-milyong nasa sa mundo nung panahon ni Elias, nang naghahari sina Jezebel at Achab bilang tipo ng antetipo ng araw na ito—sa buong mundo, pitong daan lamang ang naligtas sa pangangaral ni Elias. Tama ba? Eksakto.

Tignan n'yo, di alam ni Elias na isa man sa kanila ay ganun. Akala niya nag-iisa siyang ligtas hanggang sa buksan ng Diyos ang isa sa mga Tatak at ipakita sa kaniya ang hiwaga ng Aklat, na mayroon Siyang pitong daang hindi kailan man yumukod sa mga kredo nila.

Nang buksan ng Diyos ang Aklat Niya kay Elias, ang sabi Niya, "Ngayon, sandali lang, anak; mayroon Akong pitong daang nakatago ro'n: inilagay ko ang kanilang mga pangalan sa Aklat mula pa nang itatag ang sanlibutan. Sila'y sa Akin." Whew.

Binuksan ng Diyos ang mga Tatak. Iyon ang dahilan kaya nagsisisigaw si Juan nung isang gabi. Malamang ay nakita niya ang kaniyang pangalan do'n. Nakikita n'yo ba, kita n'yo? Isang araw binuksan ng Diyos...

141 Nangaral si Eliseo; ginawa niya ang lahat; nangaral siya nang buong puso niya, ginawa lahat ng magagawa niya, subalit siya'y kinantiyawan lang nila at tinawag na kung ano-ano, "Ikaw ang dahilan ng lahat ng ito. Isa kang espiritista. Ikaw ang nagpaparating ng lahat ng mga problemang ito. Ikaw ang may sala," at lahat na na tulad niyan. Lahat na ay sinabi nila sa kaniya. Nagbanta si Jezebel na pupugutan siya ng ulo at lahat na. Tama. Ang lahat ay laban sa kaniya.

At pagkatapos ay sinabi niya, "Panginoon, pagkatapos kong gawin lahat ng sinabi Mo sa akin na gawin ko. Ganap akong nanatili sa Iyong Salita. Anumang sabihin Mo sa akin, di ako natakot. Hinarap ko ang hari at lahat na at sanabi ko sa kanila, ITO ANG SABI NG PANGINOON, at hindi Ka nagsabi sa akin ng anuman, at hindi ako nagsabi sa kanila ng anuman na hindi natupad. At ngayon, narito ako, nag-iisa na lang na natitira. Ako na lang ang natitira, at sinisikap nila akong patayin."

142 Ang sabi ng Diyos, "Bubuksan Ko ang isa sa mga Tatak at may ipapakita Ako sa iyo." Ang sabi, "Alam mo, mayroon Akong pitong daan doon na di kailan man lumuhod o sumanib sa alin man sa mga kredong, o mga denominasyong iyon. Pitong daan silang handa na sa pag-agaw. Kita n'yo?" oh, oh, ang sabi Niya sa Kaniyang propeta, kung kanino'y inihahayag Niya ang Kaniyang Salita (Kita n'yo?), sa pamamagitan ng Kasulatan, "Mayroon pa Akong pitong daang pangalang nakahanda mula sa henerasyong ito, pitong daan sa kanila. Hindi sila kailan man lumuhod sa alin mang (kung sasabihin ko sa araw na ito) relihiyosong organisasyon at niya tinanggap ang kredo nila."

Nakikita n'yo ba kung ano'ng ibig kong sabihin? Kung gayo'y sadyang kailangang magkagayon. Sadyang kailangang magkagayon. At ito'y ayon sa Salita ng Diyos. Kapag dumating ang lalaking iyon sa eksena, siya ay magiging isang propeta singtiyak ng pagkakatayo ko sa pulpitong ito; at siya ay mananatili sa Salitang iyon. Hindi siya magpapakababa para sa kredo ng sinuman o ng anuman. Tama.

143 Siya ay magiging tipong taong-gubat tulad ni Elias, siya—at katulad ng pagdating ni Juan. Mamumuhi siya sa mga babae, kagagalitan niya ang mga babaeng imoral. Naku, tutuligsain niya sila. Ginawa iyon ni Elias, at ganun din si Juan (Kita n'yo, kita n'yo?), at magiging tuwid-tuwiran siya sa Salitang iyon. Magiging laban siya sa mga organisasyon. Mga organisasyon? "Huwag kayong mag-isip sa inyong sarili, 'Si Abraham ang ama namin,' sapagkat sinasabi ko sa inyo, magagawa ng Diyos na makapagpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak para kay Abraham." Tunay nga.

Ngayon, hayan, mga kaibigan. Narito't bukas na ang Ikaapat na Tatak, at ang mga nakasakay sa apat na kabayo ay naihayag na sa abot ng aking nalalaman.

Ngayon, ito na ang lahat ng naganap sa ibabaw ng lupa. Ang susunod na Tatak na makikita natin ay sa langit naman kung saan ay naroroon ang mga kaluluwang nasa silong ng dambana.

144 Ngayon, sa pagtatapos nais kong sabihin ang dalawang—ang kaunting pananalita, na isinulat ko rito. Nagpalaktaw-laktaw tayo sa apat na mga Tatak na ito, sa unang apat na mga Tatak na ito. Ngayon, bukas ng gabi, babaguhin natin ang eksena mula sa mga makalupang kaganapan... Titingala siya rito at makikita niya ang mga kaluluwa sa silong ng dambana, sa altar ng hain. Sa susunod na gabi ang paghuhukom ay darating.

At sa ikaapat na gabi, sa huling gabi, Linggo ng gabi, hindi ko pa alam kung ano'ng ibig sabihin ng ibang ito; binasa ko lang ang mga ito tulad ng ginawa n'yo; ngunit may katahimikan sa loob ng kalahating oras; ngunit may naganap. Inaaasahan kong ihahayag Niya iyon. Gagawin Niya iyon; kuntento na akong

gagawin Niya iyon.

Kinailangan nating pumunta sa iba't ibang dako ng Kasulatan, sa Apocalipsis 19 upang ipakitang ang pagdating ni Cristo ang papatay sa anticristo. Iyon ang dahilan kaya kinailangan kong iwanan ang mga ito, ang dalawang talatang iyon lamang ang tinalakay ko.

Kinailangan kong magpunta sa iba't ibang bahagi ng Kasulatan upang patunayan ang mga bagay na ito; kaya't nagtungo ako sa Apocalipsis 19, upang ipakitang ang pagdating ni Cristo ang ikamamatay... Pagdating ni Cristo, papatayin Niya ang anticristo.

145 Sa Apocalipsis 10 upang ipakitang ang mensahe ng ikapitong anghel ay magiging isang persona sa huling mga araw na ito, pinahiran ng Diyos para sa isang ministeryo, tulad ng ginawa ni Elias na propeta (tulad ng naihula sa Malakias 4) upang ihayag ang tunay na Salita ng orihinal na Diyos sa henerasyong ito, ang orihinal na Salita ng Diyos sa henerasyong ito. Tulad ng ginawa niya sa natural na Jezebel, ganun din ang gagawin ng lalaking ito sa espirituwal na Jezebel, sa mga makadenominasyong iglesia.

Kinailangan kong magpunta sa ika-7 kabanata, sa ika-10 kabanata mula sa una hanggang ika-7 talata upang patunayan na iyon ay tama, at sa Malakias, at sa Amos at sa iba pa upang iyon ay patunayan.

Si Elias ay isang propeta na nanghula at kumundina kay Jezebel sa partikular na henerasyong iyon, at si Elias ay hindi namatay. Tunay ngang hindi. Nagpakita siya ulit matapos ang walong daang taon sa tabi ni Jesus Cristo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Hindi siya patay.

146 Ngayon, nalaman natin na ang espiritu niya ay maipapahid sa isang lalaki, ayon sa pangako ng Diyos sa mga huling araw, naipangakong ganun din ang gagawin nito sa espirituwal na Jezebel tulad ng sa natural na Jezebel, sa huling kapanahunan.

Kaya nga nagpunta ako sa maraming bahagi ng Biblia upang ito'y patunayan, upang walang maiwang katanungan sa inyong pag-iisip. Kung mayroon, ipaalam n'yo sa akin. Sulatan n'yo ako o padalhan ng maliit na liham...

At ganap itong umaakma maging sa pagluray ng mga hayop sa kanilang natural na mga katawan sa huling araw, kakanin ang mga ito tulad ng ginawa niya.

147 Sa abot ng kapahayagan na ibinigay sa akin ng Diyos at nung una pa man ay sinabi na Niya sa akin na ito ay magaganap, ito ang Katotohanan ng apat na mangangabayo sa abot ng aking nalalaman.

Ano ang palagay n'yo kay Jesus?

Mahal Siya, mahal Siya

'Pagkat minahal Niya ako

Nagbayad ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

148 Ngayon, tandaan n'yo, walang (iyon ay—sige kung gusto mo)—wala akong masamang damdamin sa kaninumang mga tao sa alin mang organisasyon, 'pagkat may mga anak ang Diyos sa sistemang Catolico; may mga anak Siya sa sistemang Metodista; may mga anak Siya sa sistemang Baptist. Ilan sa mga iyon... Lahat ng iba't ibang sistemang iyon ay may kinatawan dito ngayong gabi, na nagsilabas sa mga iyon nang makita ang Liwanag? Tignan natin ang inyong kamay.

Ngayon, alalahanin n'yo, may mga tao roon na katulad n'yo rin, ngunit ang sistema ang pumapatay. Kita n'yo? Ang espiritu ng anticristo ang sa katapustapusan ay maghahatid sa kanila sa isang lugar kung saan ay di na sila makikinig sa anumang Katotohanan.

149 Naaalala n'yo ba, nung isang gabi nang talakayin ko ang pagtatatak? Kapag narinig ng isang tao ang panawagan ng jubilee, at tumanggi siyang lumaya, siya ay dinadala sa poste at mamarkahan ng isang pambutas ang kaniyang tainga.

Sa tainga kayo dumirinig; at ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig. At kung narinig niya ito at tumanggi siyang tanggapin ang kaniyang kalayaan, kung gayo'y kailangan niyang paglingkuran ang kaniyang makadenominasyong amo buong buhay niya. Amen. Ay, naku. Di ba't kahanga-hanga Siya?

Mahal Siya, mahal Siya

(Atin lamang itaas ang ating mga kamay ngayon at sambahin Siya.)

'Pagkat minahal Niya ako (Luwalhati.)

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

Ngayon, magsiyuko lamang kayo, at sambahin natin Siya ngayon habang inihihimig natin ito.

150 Panginoon, lubos kaming nagpapasalamat. Lubos akong nagagalak, Panginoon, lubos na natutuwa para sa Iyo at sa Iyong bayan. Oh, Panginoon, binayaran Mo ang aming kaligtasan sa Kalbaryo. Buong kagalakan namin itong tinatanggap, Panginoon. Ngayon, suriin Mo kami, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, at kung mayroong kasamaan sa aming kalagitnaan, Panginoon, anumang di pananampalataya sa Salita, sinuman sa mga naririto, Ama, na hindi tumutugon sa bawat pangako ng Diyos ng "Amen," nawa'y bumaba ngayon ang Espiritu Santo, ang nakakabayong puti, habang ang Espiritu Niya, ang Espiritu ni Cristo sa harapan ng anticristo, ay nananawagan sa ganang Kaniya.

Tawagin Mo po sila, Panginoon. Nawa ngayo'y magsisi sila; lumapit na mabilis sa Iyo at mapuspos ng Langis at ng alak at mabago ang damit mula sa makadenominasyong balabal ng kamatayan ni Cain patungo sa simputi ng niebeng balabal ng Buhay na Walang Hanggan na ibininibigay ng Nobyo; at pagkatapos ay magtutungo sila sa hapunan ng kasalan isang araw sa binindikang Salita ng pagkabuhay na muli.

Itulot Mo po ito, Panginoon. Saliksikin Mo ang mga puso, habang naghihitay ang mga tao sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus.

151 Ngayon, iyo lamang saliksikin ang iyong puso, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, mga kaibigan ko. Matagal ko na kayong kasama. Mga tatlumpu't tatlong taon na ngayon. Nagsabi ba ako sa inyo ng anumang bagay sa Ngalan ng Panginoon na hindi natupad? Hanapin mo si Cristo ngayon habang may pagkakataon ka pa. Maaaring maganap ito nang mabilis at di mo na ito magawa. Kita n'yo? Maaari Niyang lisanin ang luklukan ng Kaniyang pamamagitan sa anumang oras; at maaari kang umiyak nang buong puso mo, maaari kang magpapadiyak, maaari kang magsalita sa iba't ibang wika, maaari kang magtatakbo sa sahig, maaari mong gawin anumang naisin mo at sumali sa bawat iglesia na nasa sanlibutan; wala na, wala nang Pampaputi para sa iyong mga kasalanan. Kung magkagayo'y ano'ng gagawin mo—saan ka na naroroon?

152 Bagama't naniniwala ako nang buong puso ko, ang luklukang iyon ay bukas pa rin. Naniniwala akong Siya'y nakaupo pa rin sa luklukan ng Diyos, ngunit di magtatagal tatayo na Siya at darating upang angkinin ang Kaniyang tinubos. Ginagampanan Niya ang gawain ng Malapit na Kaanak na Manunubos habang naghihintay si Ruth. Ngunit di magtatagal, alam n'yo na, matapos na magampanan na ni Boos ang gawain ng malapit na kaanak, dumating siya at inangkin ang kaniyang pag-aari, at iyon mismo ang sinabi ng Bibliang ginawa Niya. Dumating Siya at kinuha ang Aklat; nang magkagayo'y tapos na ang pamamagitan. Wala na Siya sa luklukan. Wala nang Dugo sa luklukan ng awa, at ano na iyon? Luklukan ng paghuhukom.

Huwag n'yong hayaang masabi isa sa mga araw na ito, "Akala ko darating ang pag-agaw," pagkatapos ay maririnig mo ang sagot ng Tinig, "Naganap na ito." Tulungan ka nawa ng Diyos. Ngayon, magsiyuko lang tayo.

Brother Neville, pumarito ka para sa pagtatapos o anumang kailangan mong gawin. Pagpalain kayo ng Diyos hanggang sa pagkikita natin bukas ng gabi.

MESSAGE hub online

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7